Los Angeles County Manwal ng Miyembro ng Kalusugan ng Pag-uugali

Mga Dalubhasang Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan at Organisadong Sistema ng Paghahatid ng mga Serbisyo ng Drogang Medi-Cal

Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
510 South Vermont Avenue
Los Angeles, CA 90020

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (SAPC)
1000 South Fremont Avenue, A-9 East, Box #34
Alhambra, CA 91803

(800) 854-7771, Naroroon at Magagamit 24/7

Petsa ng Pagkakabisa: Enero 1, 2026[1]

[1] Dapat ialok ang handbook sa oras na unang gumamit ng mga serbisyo ang miyembro.

ABISO NG PAGKAKAROON NG MGA SERBISYONG TULONG SA WIKA AT KARAGDAGANG PANTULONG AT SERBISYO

English
ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-854-7771 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-854-7771 (TTY: 711). These services are free of charge.

العربية (Arabic)
يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-854-7771 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-854-7771 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն (Armenian)
ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-854-7771 (TTY: 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք 1-800-854-7771 (TTY: 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ខ្មែរ (Cambodian)
ចំណាំ៖ បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-854-7771 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-854-7771 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

繁體中文 (Chinese)
请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-854-7771 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-800-854-7771 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

فارسی (Farsi)
توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-854-7771 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-854-7771 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी (Hindi)
ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-854-7771 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-854-7771 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Hmoob (Hmong)
CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-854-7771 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-854-7771 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語 (Japanese)
注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-854-7771 (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-800-854-7771 (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 (Korean)
유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-854-7771 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-854-7771 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ພາສາລາວ (Laotian)
ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ
ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ
1-800-854-7771 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien
LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-854-7771
(TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-854-7771 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)
ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ| ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ|

Русский (Russian)
ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-854-7771 (линия TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру
1-800-854-7771 (линия TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Español (Spanish)
ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-854-7771 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-854-7771 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog (Filipino)
ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan,tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

ภาษาไทย (Thai)
โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-854-7771 (TTY: 711) น
อกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-854-7771 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Українська (Ukrainian)
УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-854-7771 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-854-7771 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

Tiếng Việt (Vietnamese)
CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-854-7771 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-854-7771 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

IBA PANG WIKA AT FORMAT 6
IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG COUNTY 8
LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO 9
IMPORMASYON TUNGKOL SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI 11
PAG-ACCESS NG MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI 15
PAGPILI NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO 26
ANG INYONG KARAPATAN NA MA-ACCESS ANG MGA REKORD SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON SA DIREKTORYO NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO GAMIT ANG MGA SMART DEVICE 30
SAKLAW NG MGA SERBISYO 31
AVAILABLE ANG MGA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA TELEPONO O TELEHEALTH 63
ANG PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA/ISYU: PARA MAGHAIN NG HINAING, APELA, O HUMILING NG ISANG PORMAL NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING) 64
PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE) 79
MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD 81
ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON 95
ABISO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY 99
MGA SALITANG DAPAT MALAMAN 101
KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG COUNTY 114

Iba pang wika

Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Available din ang mga pantulong at serbisyo na para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumentong nasa braille at malalaking letra. Tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Ang mga serbisyong ito ay libre.

Iba pang format

Maaari ninyong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, tulad ng braille, malalaking letra na may 20-point font, audio, at mga naa-access na elektronikong format, nang walang bayad. Tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Walang bayad ang tawag.

Mga Serbisyo sa Interpreter

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo para sa pasalitang interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, sa isang 24 na oras na batayan, nang walang bayad sa inyo. Hindi ninyo kailangang gumamit ng

kapamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang interpreter, maliban na lamang kung isa itong emergency. Maaari ring magbigay ang county ng karagdagang pantulong at serbisyo sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o sinumang iba pa na angkop na makipag-ugnayan sa ngalan mo. Available ang mga serbisyo para sa interpreter, wika at kultura nang wala kayong anumang babayaran. Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o upang makakuha ng kopya ng handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Walang bayad ang tawag.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG COUNTY

Narito kami para tumulong. Makakatulong sa inyo ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county upang makuha ang mga serbisyong kailangan ninyo.

Helpline ng County ng Los Angeles para sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip at Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya
Telepono: (800) 854-7771, Available 24/7

Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles
Website: https://dmh.lacounty.gov
Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo: https://dmh.lacounty.gov/pd
Application Programming Interfaces (APIs) para sa Pag-access ng Pasyente: https://dmh.lacounty.gov/our-services/access-your-medical-records/patientaccess/
Fax para sa Pagsusumite ng Karaingan at Apela: (213) 330-0285

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-aabuso sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya
Website: http://publichealth.lacounty.gov/sapc
Provider Directory: https://SUDHelpLA.org
Patient Access Application Programming Interfaces (APIs):https://pax.sapc.ph.lacounty.gov/
Fax para sa Pagsusumite ng Karaingan at Apela: (626) 458-6692

Kanino ako Maaaring Makipag-ugnayan Kung Nakakaranas Ako ng mga Saloobing Magpapakamatay?
Kung ikaw o ang isang taong kilala ninyo ay nasa krisis, mangyaring tumawag sa 988 Suicide and Crisis Lifeline sa **988** o sa National Suicide Prevention Lifeline sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa https://988lifeline.org/.
Para ma-access ang mga lokal na programa, mangyaring tumawag sa 24/7 Access Line na nakalista sa itaas.

LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?

Ang inyong county ay may plano para sa kalusugan ng pag-iisp na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na kilala bilang “mga espesyal na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip (specialty mental health services)”. Bukod pa rito, ang inyong county ay may Drug Medi-Cal Organized Delivery System na nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot, na kilala bilang “mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya”. Sama-sama, ang mga serbisyong ito ay tinatawag na “mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali,” at mahalagang magkaroon kayo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito upang matiyak na matatanggap ninyo ang pangangalagang inyong kailangan. Ipinaliliwanag ng handbook na ito ang inyong mga benepisyo at kung paano kayo makakakuha ng pangangalaga. Masasagot din nito ang marami sa inyong katanungan.

Matututuhan ninyo ang sumusunod:

- Kung paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng inyong county.
- Anu-anong mga benepisyo ang maaari ninyong ma-access.
- Ano ang dapat ninyong gawin kung mayroon kayong tanong o problema.
- Ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng inyong county.
- Kung may karagdagang impormasyon tungkol sa inyong county, maaaring ito ay nakasaad sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi ninyo mababasa ang handbook na ito ngayon, itabi muna ito para mabasa sa ibang pagkakataon. Nilalayong gamitin ang handbook na ito kasabay ng librong natanggap ninyo noong nag-sign up kayo para sa inyong mga benepisyo sa Medi-Cal. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa inyong mga benepisyo sa Medi-Cal, tumawag sa county gamit ang numero ng telepono na nasa harap ng handbook na ito.

Saan Ako Maaaring Makakuha ng Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?

Bisitahin ang website ng Kagawaran ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

IMPORMASYON TUNGKOL SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Malalaman Kung Ikaw o ang Isang Kakilala ay Nangangailangan ng Tulong?

Maraming tao ang dumaraan sa mahihirap na sandali ng buhay at maaaring makaranas ng mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng ipinagbabawal na substansya. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay mayroong available na tulong. Kung kwalipikado kayo o ang miyembro ng inyong pamilya para sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, dapat kayong tumawag sa 24/7 na Access Line na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Maaari rin kayong matulungan ng inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga na makipag-ugnayan sa inyong county kung naniniwala silang kinakailangan mo o ng isang miyembro ng inyong pamilya ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Tutulungan kayo ng inyong county na makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo para sa mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo.

Makakatulong ang listahan sa ibaba para matulungan kayong magdesisyon kung ikaw o ang isang miyembro ng inyong pamilya ay nangangailangan ng tulong. Kung higit sa isang palatandaan ang nararanasan o kung ito ay tumatagal nang mahabang panahon, maaaring palatandaan ito ng mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang palatandaan na maaaring nagpapahiwatig na kailangan ninyo ng tulong para sa isang kondisyong nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng ipinagbabawal na substansya:

Mga Saloobin at Damdamin

- Matitinding pagbabago ng mood na maaaring mangyari kahit walang malinaw na dahilan, tulad ng:
    - Labis na pag-aalala, pagkabalisa, o takot
    - Sobrang lungkot o matinding pagkalugmok ng pakiramdam
    - Sobrang saya o pakiramdam na parang nasa tuktok ng mundo

    - Matagal na pagiging moody o galit
- Nag-iisip na magpakamatay
- Pagtuon lamang sa pagkakaroon at paggamit/pag-inom ng alak o ipinagbabawal na gamot
- Mga problema sa pagtuon, memorya, o lohikal/makatwiran na pag-iisip at pagsasalita na mahirap ipaliwanag
- Mga problema sa pagdinig, paningin, o pagdama ng mga bagay na mahirap ipaliwanag o na sinasabi ng karamihan ay hindi naman umiiral

Pisikal

- Maraming pisikal na problema na maaaring walang malinaw na sanhi, tulad ng:
    - Mga pananakit ng ulo
    - Mga pananakit ng tiyan
    - Pagtulog nang sobra o napakakaunti
    - Pagkain nang sobrang o napakakaunti
    - Hindi malinaw na makapagsalita
- Paglala ng hitsura, o labis na pag-aalala tungkol sa hitsura, tulad ng:
    - Biglaang pagbaba o pagtaas ng timbang
    - Namumulang mga mata at hindi pangkaraniwang malalaking balintataw
    - Kakaibang amoy sa hininga, katawan, o damit

Pag-uugali

- Pagkakaroon ng mga negatibong epekto mula sa inyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa kalusugan ng inyong pag-iisip o dahil sa pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot, tulad ng:
    - Pagkakaroon ng mga problema sa trabaho o sa paaralan
    - Mga problema sa pakikipag-ugnayan/relasyon sa ibang tao, pamilya, o mga kaibigan
    - Pagkalimot sa inyong mga responsibilidad/pangako
    - Hindi magagawa ang karaniwang pang-araw-araw na aktibidad
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, o mga panlipunang aktibidad
- Pagkakaroon ng palihim na pag-uugali o sekretong pangangailangan sa pera

- Pagkakasali sa legal na sistema dahil sa mga pagbabago sa kalusugan ng inyong pag-iisip o dahil sa paggamit/pag-inom ng alak o ipinagbabawal na gamot

Mga Miyembrong Wala Pang 21 taong Gulang

Paano Ko Malalaman Kung kailan Nangangailangan ng Tulong ang isang Bata o Taong Wala Pang 21 Taong Gulang?

Maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong county o sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga upang humiling ng pagsusuri (screening) at pagtatasa para sa inyong anak o tin-edyer kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga palatandaan ng kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali. Kung magiging kwalipikado ang inyong anak o tin-edyer para sa Medi-Cal at ipinakita ng pagsusuri (screening) o pagtatasa na kailangan niya ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, aayusin ng county na makatanggap ang inyong anak o tin-edyer ng mga serbisyon para sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari rin kayong tulungan ng inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga na makipag-ugnayan sa inyong county kung naniniwala silang kailangan ng inyong anak o tin-edyer ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong available para sa mga magulang na nakakaramdam ng stress dahil sa kanilang tungkulin bilang magulang.

Maaaring hindi na kakailanganin ng mga menor de edad na 12 taong gulang pataas ang pahintulot ng magulang upang makatanggap ng paggamot o pagpapayo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, kung naniniwala ang tumitinging propesyonal (attending professional) na sapat na ang kanilang pagiging mature upang makilahok sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga menor de edad na 12 taong gulang pataas ay maaaring hindi na kailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng medikal na pangangalaga at pagpapayo para sa paggamot ng problema na may kaugnayan sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya. Kinakailangan ang pakikilahok ng magulang o tagapag-alaga (guardian), maliban na lamang kung matukoy ng tumitinging propesyonal na matapos kumonsulta sa menor de edad, ang kanilang pakikilahok ay hindi naaangkop.

Maaaring makatulong sa inyo ang listahan sa ibaba na matukoy kung ang inyong anak o tin-edyer ay nangangailangan ng tulong. Kung higit sa isang palatandaan ang nagpakita o kung ito ay tumatagal nang mahabang panahon, maaaring may mas malubhang problema ang inyong anak o tin-edyer na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang palatandaan na dapat bantayan:

- Hirap na hirap sa pagpokus o sa pananatiling kalmado, na maaaring maglagay sa kanila sa pisikal na panganib o magdulot ng mga problema sa paaralan
- Matitinding pag-aalala o takot na nakahahadlang sa pang-araw-araw na aktibidad
- Biglaang matinding takot na walang malinaw na dahilan, na minsan ay sinasamahan ng mabilis na tibok ng puso o mabilis na paghinga
- Nakakaramdam ng matinding lungkot o lumalayo sa iba sa loob ng dalawa o higit pang linggo, na nagdudulot ng problema sa pang-araw-araw na aktibidad
- Matitinding pagbabago ng mood na nagdudulot ng problema sa mga ugnayan/relasyon
- Malalaking pagbabago sa pag-uugali
- Hindi kumakain, sumusuka, o umiinom ng gamot para mabawasan ang timbang
- Paulit-ulit na pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot
- Malubha at hindi makontrol na pag-uugali na maaaring magdulot ng pinsala sa sarili o sa iba
- Seryosong plano o pagtatangkang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pakikipag-away, paggamit ng armas, o seryosong plano na saktan ang iba

PAG-ACCESS NG MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?
Kung sa tingin ninyo ay kailangan ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali tulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, maaari kayong tumawag sa inyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Sa sandaling nakipag-ugnayan na kayo sa county, sasailalim kayo sa pagsusuri (screening) at i-iskedyul para sa isang appointment sa pagtatasa.

Maaari rin kayong humiling ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga kung isa kayong miyembro. Kung matukoy ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga na natutugunan ninyo ang mga pamantayan para sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, tutulungan kayo ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga na sumailalim sa pagtatasa upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng inyong county. Sa huli, walang maling paraan pagdating sa pagkuha ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari rin kayong makatatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga bukod pa sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na natatanggap ninyo mula sa inyong county. Maaari ninyong ma-access ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung matukoy nito na klinikal na naaangkop ang mga serbisyo para sa inyo, at hangga’t ang mga serbisyong ito ay maayos na magkakaugnay at hindi nadodoble.

Bukod dito, tandaan ang mga sumusunod:

- Maaari kayong i-refer sa inyong county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang inyong general practitioner/doktor, paaralan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga, o iba pang ahensya ng county. Karaniwan,

kailangan munang hilingin sa inyo ng inyong doktor o ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga ang inyong pahintulot o ang pagpayag ng magulang o tagapangalaga (caregiver) ng bata, bago sila makapagbigay ng direktang referral sa county, maliban na lamang kung may emergency.

- Hindi maaaring tanggihan ng county ang inyong kahilingan na magsagawa ng paunang pagtatasa upang matukoy kung natutugunan ninyo ang pamantayan sa pagtanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring ibigay ng county o ng iba pang tagapagbigay ng serbisyo na may kontrata sa county (tulad ng mga klinika, treatment center, organisasyon na nakabatay sa komunidad, o indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo).

Saan Ako Makakakuha ng mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?
Maaari kayong makatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali sa county kung saan kayo nakatira, at sa labas ng inyong county kung kinakailangan. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at matatandang nasa hustong gulang. Kung wala pa kayong 21 taong gulang, kwalipikado kayo para sa karagdagang saklaw at benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, amd Treatment o EPSDT). Tingnan ang seksyon ng “Maaga at Paulit-ulit na Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment)” ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Tutulungan kayo ng inyong county na makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo na makapagbibigay ng pangangalagang kailangan ninyo. Dapat kayong i-refer ng county sa tagapagbigay ng serbisyo na pinakamalapit sa inyong tahanan, o sa tagapagbigay ng serbisyo na pasok sa itinakdang pamantayan ng oras o distansya, na makatutugon sa inyong mga pangangailangan.

Kailan Ako Maaaring Makakuha ng mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang sumunod ang inyong county sa itinakdang pamantayan ng oras ng appointment kapag nag-iskedyul ng serbisyo para sa inyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kailangang mag-alok sa inyo ng appointment ang county:

- Sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa inyong hindi agarang kahilingan na simulan ang mga serbisyo sa ilalim ng plano para sa kalusugan ng pag-iisip;
- Sa loob ng 48 oras kung humiling kayo ng mga serbisyo para sa isang agarang kondisyon na hindi nangangailangan ng paunang awtorisasyon;
- Sa loob ng 96 oras para sa isang agarang kondisyon na nangangailangan ng paunang awtorisasyon;
- Sa loob ng 15 araw ng trabaho mula sa inyong hindi agarang kahilingan para sa appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa naunang appointment, para sa mga hindi agarang follow-up na appointment kaugnay ng patuloy na kondisyon.

Para sa mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, kinakailangang mag-alok sa inyo ang county ng isang appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa inyong hindi-agarang kahilingan na magsimula ng mga serbisyo sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya para sa mga outpatient at intensibong serbisyo para sa outpatient;
- Sa loob ng 48 oras kung humiling kayo ng mga serbisyo para sa isang agarang kondisyon na hindi nangangailangan ng paunang awtorisasyon;
- Sa loob ng 96 oras para sa isang agarang kondisyon na nangangailangan ng paunang awtorisasyon;
- Sa loob ng 3 araw ng trabaho mula sa inyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Narcotic Treatment Program (Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics);
- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung kasalukuyan kayong sumasailalim sa paggamot para sa patuloy na sakit sa

paggamit ng ipinagbabawal na substansya, maliban sa ilang partikular na sitwasyon na tinukoy ng inyong tagapagbigay ng serbisyo na gumagamot sa inyo.

Gayunman, maaaring mas humaba ang mga panahong ito kung napagpasyahan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo na ang mas mahabang panahon ng paghihintay ay medikal na naaangkop at hindi makasasama sa inyong kalusugan. Kung nasabihan kayong inilagay kayo sa waitlist at sa palagay ninyo nakasasama ang haba ng paghihintay sa inyong kalusugan, makipag-ugnayan sa inyong county sa pamamagitan ng numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. May karapatan kayong maghain ng hinaing kung hindi kayo nakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasampa ng hinaing, tingnan ang seksyon ng “Ang Proseso ng Hinaing” ng handbook na ito.

Ano ang mga Serbisyong Pang-emergency?

Ang mga serbisyong pang-emergency ay mga serbisyong ibinibigay sa mga miyembrong nakararanas ng hindi inaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang medikal na kondisyong may kaugnayan sa psychiatric emergency. Ang isang pang-emergency na medikal na kondisyon ay may mga sintomas na napakalubha (maaaring kabilang ang matinding pananakit) na maaaring asahan ng isang karaniwang tao kung saan maaaring mangyari anumang oras ang alinman sa sumusunod:

- Ang kalusugan ng tao (o ang kalusugan ng hindi pa isinisilang na bata) ay maaaring malagay sa malubhang panganib
- Nagdudulot ng malubhang pinsala sa paraan ng paggana ng inyong katawan
- Nagdudulot ng malubhang pinsala sa alinmang organ o bahagi ng katawan

Nangyayari ang isang medikal na kondisyon na may kaugnayan sa psychiatric emergency kapag ang isang karaniwang tao ay naniniwala na ang isang tao ay:

- Kasalukuyang nagdudulot ng panganib sa sarili o sa ibang tao dahil sa isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o dahil sa pinaghihinalaang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip.

- Agad na hindi kayang tugunan ang sariling pangangailangan, tulad ng pagkain, damit, tirahan, personal na kaligtasan, o pag-access sa kinakailangang medikal na pangangalaga, dahil sa isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o pinaghihinalaang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip at/o malubhang sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Saklaw ang mga serbisyong pang-emergency at maaaring magamit ng mga miyembro ng Medi-Cal 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Hindi kinakailangan ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyong pang-emergency. Sinasaklaw ng programang Medi-Cal ang mga kondisyong pang-emergency, maging ang sanhi nito ay pisikal na karamdaman o kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisp (mga saloobin, damdamin, at pag-uugali na nagdudulot ng matinding distress at/o kapansanan sa paggana ng isang tao kaugnay ng kanyang sarili o sa pakikitungo sa iba). Kung naka-enroll kayo sa Medi-Cal, hindi kayo sisingilin para sa pagpunta sa emergency room, kahit na kalaunan ay matuklasang hindi pala ito isang emergency. Kung naniniwala kayong nakararanas ng isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa saanmang ospital o iba pang setting upang humingi ng agarang tulong.

Sino ang Nagdedesisyon Kung Aling mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?
Ikaw, ang inyong tagapagbigay ng serbisyo, at ang county ay magkakasamang nakikibahagi sa pagdedesisyon kung anong mga serbisyo ang nararapat mong matanggap. Isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali ang makikipag-usap sa inyo at tutulong sa pagtukoy kung anong uri ng mga serbisyo ang kinakailangan.

Hindi ninyo kailangang malamam kung mayroon kayong diagnosis sa kalusugan ng pag-uugali o isang partikular na kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali para humingi ng tulong. Magkakaroon kayo ng access sa ilang serbisyo habang kinukumpleto ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ang isang pagtatasa.

Kung wala pa kayong 21 taong gulang, maaari rin kayong maging kwalipikado sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip kung mayroon kayong kondisyon na

nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali nang dahil sa trauma, pagkakasali sa child welfare system, pagkakasali sa juvenile justice system, o kawalan ng tirahan. Dagdag pa rito, kung wala pa kayong 21 taong gulang, dapat magbigay ang county ng mga medikal na serbisyong kinakailangan upang makatulong sa inyong kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan sa isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

Ang ilang serbisyo ay maaaring mangailangan ng paunang awtorisasyon mula sa county. Kabilang sa mga serbisyong nangangailangan ng paunang awtorisasyon ang Mga Intensibong Serbisyo na Nakabatay sa Bahay (Intensive Home-Based Services), Pang-araw na Intensibong Paggamot (Day Treatment Intensive), Pang-araw na Rehabilitasyon (Day Rehabilitation), Therapeutic Behavioral Service, Therapeutic Foster Care, at Serbisyong Pang-residensyal para sa May Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya (Substance Use Disorder Residential Services). Mangyaring tawagan ang inyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito upang humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng awtorisasyon ng county ay dapat sumunod sa mga itinakdang panahon o timeline.

- Para sa karaniwang awtorisasyon ng serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, dapat magpasya ang county sa kahilingan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa loob ng limang (5) araw ng trabaho.
    - Kung kayo o ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ang humiling nito, o kung sa palagay ng county ay makabubuti para sa inyo na kumuha pa ng karagdagang impormasyon mula sa inyong tagapagbigay ng serbisyo, maaaring palawigin ang itinakdang timeline nang hanggang sa karagdagang 14 na araw ng kalendaryo. Isang halimbawa kung kailan maaaring makabubuti sa inyo ang pagpapalawig ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong maaprubahan ang kahilingan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo para sa awtorisasyon kung makakakuha pa ito

ng karagdagang impormasyon mula sa inyong tagapagbigay ng serbisyo, at na mapipilitan itong tanggihan ang kahilingan kung wala ang nasabing impormasyon. Kung palalawigin ng county ang timeline, padadalhan kayo nito ng isang nakasulat na abiso tungkol sa nasabing ekstensiyon.

- Para sa karaniwang paunang awtorisasyon sa serbisyo ng kalusugan ng pag-iisip, kailangang magpasya ang county batay sa kahilingan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa lalong madaling panahon ayon sa pangangailangan ng inyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw ng trabaho mula sa pagtanggap ng county sa nasabing kahilingan.
    - Halimbawa, kung ang pagsunod sa karaniwang timeframe ay maaaring magin malubhang banta sa inyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o maibalik ang pinakamataas na antas ng paggana, may obligasyong padaliin (expedite) ng inyong county ang desisyon sa awtorisasyon at magbigay ng abiso batay sa timeframe na naaayon sa inyong kondisyon na nauugnay sa kalusugan, na hindi lalampas sa 72 oras mula sa pagtanggap ng kahilingan para sa serbisyo. Maaaring palawigin ng inyong county ang panahon ng pagproseso nang hanggang sa 14 na karagdagang araw ng kalendaryo matapos matanggap ang kahilingan, kung humiling kayo o ang inyong provider ng ekstensiyon, o kung nagbigay ng makatwirang paliwanag ang county kung bakit ang naturang ekstensiyon ay para sa inyong kapakanan.

Sa parehong sitwasyon, kung palalawigin ng county ang timeline para sa kahilingan ng awtorisasyon ng inyong tagapagbigay ng serbisyo, padadalhan kayo ng county ng nakasulat na abiso tungkol sa nasabing ekstensiyon. Kung hindi makapagdesisyon ang county sa loob ng itinakdang timeline, o kung tinanggihan, ipinagpaliban, binawasan, o itinigil ang mga serbisyong inyong hiniling, may obligasyon ang county na padalhan kayo ng isang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination) na nagsasaad na ang mga serbisyo ay tinanggihan, ipinagpaliban, binawasan, o itinigil, at ipinapaalam sa inyo na may karapatan kayong maghain ng apela, at bigyan kayo ng impormasyon kung paano maghain ng apela.

Maaari kayong humiling sa county ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang mga proseso ng awtorisasyon.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng county kaugnay ng proseso ng awtorisasyon, maaari kayong maghain ng apela. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyon ng “Paglutas ng Problema/Isyu” ng handbook na ito.

Ano ang Medikal na Kinakailangan?

Ang mga serbisyong natatanggap ninyo ay dapat medikal na kinakailangan at klinikal na naaangkop upang matugunan ang inyong kondisyon. Para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas, itinuturing na medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung ito ay makatuwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang inyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o mapabuti/mapagaan ang matinding pananakit.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, itinuturing na medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung ito ay nakakatulong na itama, panatilihin, suportahan, pagbutihin, o pagaanin ang isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan sa isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan at nasasaklaw bilang mga serbisyos sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT).

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip na Hindi Saklaw ng County?

Kung naka-enroll kayo sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, may access kayo sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient sa pamamagitan ng inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga:

- Pagsusuri (evaluation) at paggamot para sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang

indibidwal na therapy, pang-grupong therapy, at pampamilyang therapy.
- Sikolohikal at neuropsychological na pagsusuri, kapag klinikal na kinakailangan, upang masuri at matukoy ang isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mga serbisyo sa outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa mga iniresetang gamot.
- Konsultasyon sa Psychiatrist.

Upang makakuha ng alinman sa mga serbisyong nabanggit sa itaas, direktang tumawag sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Kung hindi ka naka-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring makatulong ang county sa paghahanap ng tagapagbigay ng serbisyo o klinika para sa inyo.

Anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring magbigay/mag-dispense ng mga reseta para sa paggamot ng isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Mangyaring tandaan na ang karamihan sa mga inireresetang gamot na ibinibigay ng parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw ng programang Fee-For-Service Medi-Cal at hindi ng inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Anong Ibang Pang Serbisyo para sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya ang Available mula sa mga Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga o sa Programang ‘Fee-for-Service’ ng Medi-Cal?

Dapat magbigay ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng mga saklaw na serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya sa mga setting ng pangunahing pangangalaga, pati na rin ng pagsusuri (screening) para sa paninigarilyo ng tabako, pag-inom ng alak, at paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya para sa mga buntis na miyembro, pati na ang pagsusuri

sa pag-inom ng alak at paggamit ng ipinagbabawal na gamot, pagtatasa, maiikli/panadaliang intebensyon, at referral sa naaangkop na setting ng paggamot para sa mga miyembrong 11 taong gulang pataas. Dapat magbigay o mag-ayos ang mga plano ng pinamamahalang pangangalaga ng mga serbisyo para sa Mga Gamot sa Paggamot ng Adiksyon (kilala rin bilang Medication Assisted Treatment) na ibinibigay sa mga pangunahing pangangalaga, inpatient hospital, departamento ng emergency, at iba pang kontratadong medikal na setting. Ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ay may obligasyon ding magbigay ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan upang mapa-stable ang kalagayan ng miyembro, kabilang ang boluntaryong inpatient detoxification.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo sa Medi-Cal (Primary Care/Medi-Cal)?

Kung naka-enroll kayo sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, ang county ang may responsibilidad na maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo para sa inyo. Kung hindi kayo naka-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga at mayroon kang ‘regular’ na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, maaari kayong magpatingin sa sinumang tagapagbigay ng serbisyo na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat ninyong ipaalam sa inyong tagapagbigay ng serbisyo na may Medi-Cal kayo bago magsimulang tumanggap ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kayong masingil para sa mga nasabing serbisyo. Maaari kayong gumamit ng tagapagbigay ng serbisyo na hindi kabilang sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyong may kaugnayan sa pagpaplano ng pamilya.

Bakit Maaaring Kakailanganin Ko ang mga Psychiatric Inpatient Hospital Service?

Maaari kayong ma-admit sa ospital kung kayo ay may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o may mga palatandaan ng ganitong kondisyon na hindi na ligtas gamutin sa mas mababang antas ng pangangalaga (lower level of care), at dahil sa naturang kondisyon o mga sintomas nito, kayo ay:

- Maaaring makasakit sa sarili, sa ibang tao, o makapinsala sa ari-arian/propyedad.

- Hindi kayang alagaan ang sarili pagdating sa pagkain, pananamit, tirahan, personal na kaligtasan, o kinakailangang medikal na pangangalaga.
- Nagdudulot ng matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- Nagkaroon ng kamakailan at malubhang paghina sa kakayahang gumana sa araw-araw dahil sa kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip.
- Kailangan ng psychiatric na pagsusuri (evaluation), gamot, o iba pang paggamot na maaari lamang ibigay sa ospital.

PAGPILI NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO

Paano Ako Makakahanap ng Tagapagbigay ng Serbisyo Para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali na Kailangan Ko?

Kinakailangan ng inyong county na mag-post online ng kasalukuyan at na-update na directory ng mga tagapagbigay ng serbisyo. Makikita ninyo ang link ng direktoryo ng tagapagbigay ng serbisyo sa seksyon ng Kontak ng County ng handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon kung saan matatagpuan ang mga tagapagbigay ng serbisyo, anong mga serbisyo ang kanilang ibinibigay, at iba pang impormasyon para matulungan kayong makakuha ng pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at pangwika na available mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo.

Kung may mga tanong kayo tungkol sa mga kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo o kung gusto ninyo ng isang na-update na direktoryo ng tagapagbigay ng serbisyo, bisitahin ang website ng inyong county o gamitin ang numero ng telepono na makikita sa pabalat ng handbook na ito. Maaari kayong makakuha ng listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng sulat o sa koreo kung hihilingin ninyo ito.

Tandaan: Maaaring magtakda ang county ng ilang limitasyon sa inyong pagpili ng mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Kapag nagsisimula ka pa lamang tumanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, maaari kayong humiling sa inyong county na bigyan kayo ng paunang pagpipilian ng hindi bababa sa dalawang tagapagbigay ng serbisyo. Dapat rin kayong pahintulutan ng county na magpalit ng mga tagapagbigay ng serbisyo. Kapag humiling kayong magpalit ng tagapagbigay ng serbisyo, dapat kayong pahintulutan ng county na pumili mula sa pagitan ng hindi bababa sa dalawang tagapagbigay ng serbisyo, kung posible. Responsibilidad ng inyong county na tiyakin na may napapanahong access kayo sa pangangalaga at may sapat na bilang ng mga tagapagbigay ng serbisyo na malapit sa inyo upang matiyak na makakatanggap kayo ng mga saklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kapag kailangan ninyo ito.

Minsan, ang mga tagapagbigay ng serbisyo na may kontrata sa county ay pinipiling hindi na magbigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali dahil maaaring wala na silang kontrata sa county o hindi na sila tumatanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, dapat gumawa ang county ng taos-pusong pagsisikap na magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat taong tumatanggap ng mga serbisyo mula sa tagapagbigay ng serbisyo. Kinakailangang makatanggap kayo ng abiso sa loob ng 30 araw ng kalendaryo bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagtatapos ng serbisyo, o sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos malaman ng county na titigil na sa pagtatrabaho ang tagapagbigay ng serbisyo. Kapag nangyari ito, dapat din kayong pahintulutan ng inyong county na magpatuloy sa pagtanggap ng serbisyo mula sa tagapagbigay ng serbisyo na umalis na sa county, kung pareho kayong sumasang-ayon ng tagapagbigay ng serbisyo. Tinatawag itong “pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care)” at ipinaliliwanag sa ibaba.

Tandaan: Ang mga American Indian at Alaska Native na kwalipikado sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaari ring makatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa pamamagitan ng mga Indian Health Care Provider.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Pagtanggap ng Mga Espesyal na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip Mula sa Aking Kasalukuyang Tagapagbigay ng Serbisyo?

Kung kasalukuyan kayong tumatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagtanggap ng serbisyo mula sa tagapagbigay ng serbisyo na iyon. Kahit tumatanggap din kayo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa inyong tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, basta’t may koordinasyon sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo at hindi magkakapareho ang mga serbisyong ibinibigay.

Bukod pa dito, kung kasalukuyan kayong tumatanggap ng serbisyo mula sa ibang plano para sa kalusugan ng pag-iisip, plano ng pinamamahalaang pangangalaga, o isang indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal, maaari kayong humiling ng “pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care)” upang manatili kayo sa inyong kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo nang hanggang 12 buwan. Maaaring nais ninyong humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan ninyong manatili sa inyong kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo para maipagpatuloy ang inyong kasalukuyang paggamot, o kung ang paglipat sa bagong tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring magdulot ng matinding pinsala sa iyong kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Maaaring aprubahan ang inyong kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga kung totoo ang mga sumusunod:

- Mayroon kayong patuloy na ugnayan/relasyon sa tagapagbigay ng serbisyo na inyong hinihiling at nakita/nakonsulta ninyo ang tagapagbigay ng serbisyo na iyon sa loob ng nakaraang 12 buwan;
- Kailangan ninyong manatili sa inyong kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo upang maipagpatuloy ang patuloy na paggamot at maiwasan ang matinding pinsala sa kalusugan ng miyembro, o para mabawasan ang panganib ng pagkaka-ospital o paglalagay sa isang institusyon.
- Kwalipikado at nakakatugon ang tagapagbigay ng serbisyo sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang tagapagbigay ng serbisyo sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugan ng pag-iisip kaugnay ng pakikipagkontrata sa nasabing plano at sa kabayaran para sa mga serbisyong ibinibigay; at
- Ibinabahagi ng tagapagbigay ng serbisyo sa county ang mga kaugnay na dokumentasyon hinggil sa inyong pangangailangan sa mga serbisyo.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Pagtanggap Ng Mga Serbisyo Para Sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya Mula Sa Aking Kasalukuyang Tagapagbigay ng Serbisyo?

Maaari kang huyomiling na panatilihin ang inyong tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng network sa loob ng isang takdang panahon kung:

- Mayroon kang patuloy na ugnayan/relasyon sa tagapagbigay ng serbisyo na inyong hinihiling at nakapagpatingin ka na sa tagapagbigay ng serbisyo na iyon bago ang petsa ng inyong paglipat sa county na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Kailangan ninyong manatili sa inyong kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo upang maipagpatuloy ang patuloy na paggamot at maiwasan ang matinding pinsala sa kalusugan ng miyembro, o para mabawasan ang panganib ng pagkaka-ospital o paglalagay sa isang institusyon.

ANG INYONG KARAPATAN NA MA-ACCESS ANG MGA REKORD SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON SA DIREKTORYO NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO GAMIT ANG MGA SMART DEVICE

Maaari ninyong i-access ang inyong mga rekord sa kalusugan ng pag-uugali at/o maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo gamit ang isang application na na-download sa computer, smart tablet, o mobile device. Maaaring may impormasyong available sa website ng county na maaari ninyong isaalang-alang bago pumili ng application upang makuha ang inyong impormasyon sa ganitong paraan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa availability ng inyong access, makipag-ugnayan sa county sa pamamagitan ng pagsangguni sa seksyon ng “Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng County” ng handbook na ito.

SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung natutugunan ninyo ang mga pamantayan para sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, available sa inyo ang mga sumusunod na serbisyo batay sa inyong pangangailangan. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong tagapagbigay ng serbisyo upang matukoy kung aling mga serbisyo ang pinakamainam para sa inyo.

Mga Espesyal na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay mga serbisyo sa paggamot na nakabatay sa indibidwal, grupo, o pamilya na tumutulong sa mga taong may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagharap para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang mga gawaing isinasagawa ng tagapagbigay ng serbisyo upang mapabuti ang kalidad ng mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang sa mga ito ang mga pagtatasa upang matukoy kung kinakailangan ninyo ang serbisyo at kung epektibo ang mga serbisyong ibinibigay; pagpaplano ng paggamot upang tukuyin ang mga layunin ng inyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga partikular na serbisyong ibinibigay; at ang “collateral,” na tumutukoy sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at iba pang mahahalagang tao sa inyong buhay (kung magbibigay kayo ng pahintulot) upang suportahan ang pagpapabuti o pagpapanatili ng inyong kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa isang klinika o tanggapan ng tagapagbigay ng serbisyo, sa inyong tahanan o sa iba pang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (kung saan parehong kasama ang audio-lamang at inter-aksyon sa video). Makikipagtulungan sa inyo ang county at ang tagapagbigay ng serbisyo upang matukoy ang dalas ng inyong mga serbisyo/ppointment.

Mga Serbisyo para sa Suporta sa Gamot

- Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pagbibigay, pamamahagi, at pagsusubaybay ng mga psychiatric na gamot. Maaari ring magbigay ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ng edukasyon/impormasyon hinggil sa gamot. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa isang klinika, sa tanggapan ng doktor, sa inyong tahanan, sa isang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (kung saan parehong kasama ang audio-lamang at inter-aksyon sa video).

Targeted Case Management (Tinutukoy na Pamamahala ng Kaso)

- Tinutulungan ng serbisyong ito ang mga miyembro na makakuha ng mga serbisyong medikal, pang-edukasyon, panlipunan, pre-vocational, bokasyonal, rehabilitative, o iba pang serbisyong pangkomunidad kapag ang mga serbisyong ito ay mahirap makuha nang mag-isa ng mga taong may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Kabilang sa targeted case management ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:
    - Pagbuo ng plano;
    - Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
    - Pagsubaybay sa paghahatid ng serbisyo upang matiyak ang access ng tao sa serbisyo at sa sistema ng paghahatid ng serbisyo; at
    - Pagsubaybay sa progreso ng tao.

Mga Serbisyo para sa Interbensyon sa Panahon ng Krisis

- Available ang serbisyong ito upang tugunan ang isang kagyat na kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa panahon ng krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad upang maiwasan ang pangangailangang na pumunta sa ospital. Maaaring tumagal ang interbensyon sa panahon ng krisis nang hanggang walong oras at maaaring ibigay sa isang klinika o tanggapan ng tagapagbigay ng serbisyo, o sa inyong tahanan o sa iba pang lugar sa komunidad. Maaari ring gawin ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng telehealth.

Mga Serbisyo para sa Pag-stabilize ng Kalagayan/Sitwasyon sa Panahon ng Krisis

- Available ang serbisyong ito upang tugunan ang isang kagyat na kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang pag-stabilize ng kondisyon/sitwasyon sa panahon ng krisis ay tumatagal nang mas mababa sa 24 na oras at kinakailangang ibigay sa isang lisensyadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na bukas nang 24 na oras, sa isang programa para sa outpatient na nakabase sa ospital, o sa isang provider site na sertipikadong magbigay ng mga serbisyong ito.

Mga Serbisyo ng Pang-residensyal na Paggamot para sa Nasa Hustong Gulang

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga taong may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na naninirahan sa mga residensyal na lisensyadong pasilidad. Tumutulong ang mga serbisyong ito sa paglinang ng mga kasanayan ng mga tao at nagbibigay ng mga serbisyo ng pang-residensyal na paggamot para sa mga taong may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Available ang mga serbisyong ito 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa tirahan at pagkain kapag nananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo ng Pang-residensyal na Paggamot sa Panahon ng Krisis

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at tumutulong sa paglinang ng mga kasanayan para sa mga taong nakararanas ng matinding krisis sa kalusugan ng pag-iisip o emosyon. Hindi ito para sa mga taong nangangailangan ng psychiatric na pangangalaga sa ospital. Available ang mga serbisyo sa mga lisensiyadong pasilidad 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa tirahan at pagkain sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo para sa Pang-araw na Intensibong Paggamot (Day Treatment Intensive Services)

- Isa itong structured na programa ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay sa isang grupo ng mga tao na, kung wala ang serbisyong ito ay maaaring mangailangan ng pananatili sa ospital o sa iba pang pasilidad na may 24 na oras na pangangalaga. Tumatagal ang programa ng tatlong oras bawat araw. Kabilang dito ang therapy, psychotherapy, at mga aktibidad na nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan.

Pang-araw na Rehabilitasyon

- Idinisenyo ang programang ito upang tulungan ang mga taong may kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na matuto at mapaunlad ang mga kasanayan sa pagharap at kasanayan sa buhay para mas mahusay na makontrol ang kanilang mga sintomas. Tumatagal ang programang ito nang hindi bababa sa tatlong oras bawat araw. Kabilang dito ang therapy at mga aktibidad na nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan.

Mga Psychiatric Inpatient Hospital Service

- Ang mga ito ay mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensyadong psychiatric na ospital. Isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip ang nagpapasya kung kailangan ng isang tao ng intensibong paggamot sa loob ng 24 na oras para sa kanilang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Kung magdedesisyon ang propesyonal na kailangan ng miyembro ng magdamagang paggamot, kinakailangang manatili ang miyembro sa ospital sa loob ng 24 na oras sa isang araw.

Mga Serbisyo ng Pasilidad para sa Psychiatric Health

- Iniaalok ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong pasilidad para sa psychiatric health na dalubhasa sa 24 na oras na rehabilitative treatment para sa malulubhang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Kinakailangang magkaroon ng kasunduan ang mga pasilidad ng psychiatric health sa isang

malapit na ospital o klinika upang matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga taong nasa pasilidad. Ang mga pasilidad ng psychiatric health ay maaari lamang tumanggap at gumamot ng mga pasyenteng walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit pa sa karaniwang naibibigay sa isang outpatient na batayan.

Mga Therapeutic Behavioral Service

Ang mga Therapeutic Behavioral Service ay intensibo at panandaliang outpatient na mga interbensyon sa paggamot para sa mga miyembrong hanggang 21 taong gulang. Partikular na dinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may matinding emosyonal na suliranin, nakararanas ng nakaka-stress na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandalian at partikular na pansuportang serbisyo.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng espesyal na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip na available sa pamamagitan ng county kung may matindi kayong emosyonal na suliranin. Upang makakuha ng mga Therapeutic Behavioral Service, kailangan ninyong tumatanggap ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, wala pang 21 taong gulang, at may kumpletong saklaw na Medi-Cal.

- Kung nakatira kayo sa bahay, maaaring peronal na makipagtulungan sa inyo ang isang kawani ng mga Therapeutic Behavioral Service upang mabawasan ang malulubhang problema sa pag-uugali, at para maiwasan ninyo ang pangangailangan na lumipat sa mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng group home para sa mga bata at kabataang wala pang 21 taong gulang na may matinding problemang nauugnay sa emosyon.
- Kung naninirahan kayo sa isang out-of-home placement, maaaring makipagtulungan sa inyo ang isang kawani ng mga Therapeutic Behavioral Service upang matulungan kayong makabalik sa inyong tahanan o mailipat sa isang setting na nakabatay sa pamilya, tulad ng foster home.

Ang Therapeutic Behavioral Services (Mga Serbisyong Therapeutic para sa Pag-uugali) ay tutulong sa inyo at sa inyong pamilya, tagapangalaga (caregiver), o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan sa pagharap sa problemang nauugnay sa pag-uugali at sa paglinang ng mga positibong pag-uugali na makatutulong upang maging matagumpay kayo. Ikaw, ang kawani ng Therapeutic Behavioral Services, at ang iyong pamilya, tagapangalaga (caregiver), o tagapag-alaga ay magtutulungan bilang isang team upang tugunan ang mga problemang nauugnay sa pag-uugali sa loob ng maikling panahon, hanggang sa hindi na ninyo kakailanganin ang mga serbisyo. Magkakaroon kayo ng plano ng mga Therapeutic Behavioral Service (TBS) na magsasaad kung ano ang gagawin ninyo, ng inyong pamilya, tagapangalaga (caregiver), tagapag-alaga, at ng kawani ng mga Therapeutic Behavioral Service habang tinatanggap ang mga serbisyong ito. Isasama rin sa mga Therapeutic Behavioral Service na plano kung kailan at saan mangyayari ang mga serbisyo. Maaaring makipagtulungan sa inyo ang kawani ng mga Therapeutic Behavioral Service sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang ay kailangan mo ng tulong. Kabilang dito ang inyong tahanan, foster home, paaralan, programa para sa pang-araw na paggamot, at iba pang lugar sa komunidad.

Koordinasyon para sa Intensibong Pangangalaga

Isa itong serbisyo ng targeted case management na nagpapadali sa pagsasagawa ng pagtatasa, pagbuo ng plano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang. Ang serbisyong ito ay para sa mga kwalipikado sa kumpletong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at nare-refer sa serbisyong ito batay sa medikal na pangangailangan. Ibinibigay ang serbisyong ito alinsunod sa mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kabilang dito ang pagtatatag ng Child and Family Team (Team ng Bata at Pamilya) upang matiyak na mayroong malusog at maayos na ugnayang komunikasyon sa pagitan ng bata, ng kanilang pamilya, at ng mga kasangkot na sistemang nagbibigay ng serbisyo para sa bata.

Ang Child and Family Team ay binubuo ng propesyonal na suporta (halimbawa: coordinator ng pangangalaga, mga tagapagbigay ng serbisyo, at tagapamahala ng kaso

mula sa mga ahensyang nagbibigay serbisyo sa bata), natural na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at ministro/pastor/pari), at iba pang tao na nagtutulungan upang bumuo at isakatuparan ang plano para sa kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng team na ito na maaabot ng mga bata at pamilya ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay mayroon ding coordinator na:

- Tinitiyak na ang mga kinakailangang medikal na serbisyo ay naa-access, nako-coordinate, at naihahatid sa paraang nakatuon sa lakas, iniaangkop sa bawat indibidwal, pinangungunahan ng kliyente, at naaangkop sa kultura at wika.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay nakabatay sa mga pangangailangan ng bata.
- Lumilikha ng paraan upang magtulungan ang lahat para sa kapakanan ng bata, pamilya, mga tagapagbigay ng serbisyo, at iba pa.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapangalaga sa pagtugon sa mga pangangailangan ng bata
- Tumutulong sa pagtatatag ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Tinitiyak na ang bata ay napangangalagaan ng iba pang sistemang nagbibigay ng serbisyo para sa bata kapag kinakailangan.

Mga Intensibong Serbisyo na Nakabatay sa Bahay

- Partikular na dinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Kabilang dito ang mga interbensyong nakatuon sa lakas (strength-based) na naglalayong mapabuti ang mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na maaaring makaapekto sa paggana ng bata/kabataan. Nilalayon ng mga serbisyong ito na tulungan ang bata/kabataan na bumuo ng mga kinakailangang kasanayan upang mas mahusay na gumana sa tahanan at sa komunidad, at mapabuti ang kakayahan ng kanilang pamilya na suportahan sila sa prosesong ito.

- Ang Mga Intensibong Serbisyo na Nakabatay sa Bahay ay ipinagkakaloob sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Child and Family Team. Ginagamit nito ang kabuuang plano ng serbisyo ng pamilya. Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na kwalipikado para sa kumpletong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Kinakailangan ang referral na batay sa medikal na pangangailangan upang matanggap ang mga serbisyong ito.

Therapeutic Foster Care

- Ang modelong serbisyo ng Therapeutic Foster Care ay nagbibigay ng panandalian, intensibo, at trauma-informed na mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga batang hanggang 21 taong gulang na may kumplikadong pangangailangan sa emosyon at pag-uugali. Partikular na dinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Sa Therapeutic Foster Care, inilalagay ang mga bata sa pangangalaga ng mga foster parent na may espesyal na pagsasanay, may regular na superbisyon, at may tuloy-tuloy na suporta.

Therapy para sa Inter-aksyon ng Magulang at Anak (Parent-Child Interaction Therapy, PCIT)

- Ang PCIT ay isang programa na tumutulong sa mga batang may edad 2 hanggang 7 na may problema sa pag-uugali, at tumutulong sa kanilang mga magulang o tagapangalaga na matutunan ang mga bagong paraan ng pagharap at paggabay sa kanila. Maaaring kabilang sa mga pag-uugaling ito ang madaling magalit o hindi pagsunod sa mga alituntunin.
- Sa PCIT, ang magulang o tagapangalaga ay nagsusuot ng headset habang nakikipaglaro sa kanilang anak sa isang espesyal na silid para sa therapy. Nagmamasid ang therapist mula sa ibang silid o sa pamamagitan ng video at nagbibigay ng gabay sa magulang o tagapangalaga gamit ang headset. Tinutulungan ng therapist ang magulang o tagapangalaga na matutong palakasin ang positibong pag-uugali at pagbutihin ang kanilang ugnayan sa kanilang anak.

Functional Family Therapy (FFT)

- Ang FFT ay isang maikli at nakapokus na programa ng pagpapayo para sa mga pamilya at kabataang may edad 11 hanggang 18 na may problema sa pag-uugali o nahihirapang kontrolin ang kanilang emosyon. Maaaring kabilang dito ang paglabag sa mga alituntunin, pakikipag-away, o paggamit ng ipinagbabawal na gamot.
- Nakikipagtulungan ang FFT sa pamilya ng kabataan at kung minsan, sa iba pang miyembro ng support system nito tulad ng mga guro o doktor upang makatulong na mabawasan ang hindi magandng pag-uugali ng kabataan.

Multisystemic Therapy (MST)

- Ang MST ay isang programang nakabatay sa pamilya para sa mga kabataang may edad 12–17 na nagpapakita ng malubhang problema sa pag-uugali. Kadalasang ginagamit ang MST para sa mga kabataang nagkaroon na ng problema sa batas, o maaaring nasa panganib na masangkot sa batas, o nasa panganib na maalis sa kanilang tahanan dahil sa kanilang pag-uugali.
- Kasama sa MST ang suporta mula sa pamilya at komunidad sa therapy upang tulungan ang kabataan na baguhin ang mga pag-uugali tulad ng paglabag sa batas o paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Tinutulungan din ng MST ang mga magulang na matutunan ang mga kasanayan upang mas mahusay nilang mapangasiwaan ang mga ganitong pag-uugali sa tahanan, sa pakikisalamuha ng kabataan sa kanilang mga kaibigan, at sa iba pang setting sa komunidad.
- Sa pamamagitan ng MST, matututo ang mga magulang at tagapangalaga kung paano harapin at pamahalaan ang mga hamon sa pag-aalaga sa kanilang mga anak o tin-edyer. Matututo rin sila kung paano mas epektibong harapin ang mga isyu sa tahanan, sa mga kaibigan, at sa kanilang kapitbahayan. Iginagalang ng programa ang iba’t ibang kultura at nakatuon sa pagtulong sa mga pamilya sa loob ng kanilang sariling tahanan at komunidad. Nakikipagtulungan din ito sa mga paaralan, pulisya, at hukuman.

- Maaaring magbago kung gaano kadalas nakikipagkita ang mga pamilya sa programa. Ang ilang pamilya ay maaaring mangailangan lamang ng maiikling pag-check in, habang ang iba naman ay maaaring makipagpulong nang hanggang dalawang oras bawat araw o bawat linggo. Karaniwang tumatagal ang ganitong tulong nang humigit-kumulang 3 hanggang 5 buwan.

Muling Pagbabalik sa Komunidad ng mga Nasangkot sa Sistema ng Hustisya (Justice-Involved Reentry)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasangkot sa sistema ng hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakakulong. Kabilang sa mga uri ng serbisyong available ang pamamahala ng kaso para sa muling pagbabalik sa komunidad (reentry case management), mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, suporta mula sa kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon para sa pasyente, serbisyong may kaugnayan sa gamot, pagpaplano pagkatapos ng pagpapalabas at discharge, serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon tungkol sa gamot, serbisyong pangsuporta, at tulong sa pag-enroll sa angkop na tagapagbigay ng serbisyo, halimbawa, sa isang Narcotic Treatment Program (Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics) upang maipagpatuloy ang Medication-Assisted Treatment (MAT) kapag nakalabas na. Upang makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat maging miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
    - Kung wala pang 21 taong gulang at nasa kustodiya ng isang Pasilidad para sa Kabataang may Kaso sa Batas (Youth Correctional Facility).
    - Kung ang isang nasa hustong gulang ay nasa kustodiya at nakakatugon sa isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- Makipag-ugnayan sa inyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan (Medi-Cal Peer Support Services) ay nagtataguyod ng paggaling, katatagan (resiliency), pakikilahok (engagement), pakikisalamuha, pagiging self-sufficient, kakayahang itaguyod ang sarili (self-advocacy), pagbuo ng likas na suporta (natural supports), at pagkilala sa mga lakas o kakayahan ng indibidwal sa pamamagitan ng mga structured na aktibidad. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa inyo o sa mga itinalaga mong (mga) mahalagang tagasuporta, at maaari rin itong matanggap kasabay ng iba mo pang tinatanggap na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Espesyalista sa Suporta Mula sa Kasamahan (Peer Support Specialist) sa ilalim ng Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan (lived experience) sa mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali o paggamit ng ipinagbabawal na substansya at nasa pagpapagaling, na nakumpleto ang mga kinakailangan para sa programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng county, na sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o naka-rehistro sa Estado.
- Kasama sa Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) ang indibidwal at panggrupong pagtuturo, mga grupong pang-edukasyon para sa paglinang ng kasanayan, pag-navigate sa mapagkukunan, serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang mahikayat kayong lumahok sa paggamot na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali, at therapeutic na aktibidad tulad ng kakayahang itaguyod ang sarili (self-advocacy).
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), saanmang county sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) ay opsyonal para sa mga kalahok na county.

Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Mga Mobile Crisis Service

- Available ang Mga Mobile Crisis Service kung nakararanas kayo ng krisis na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip.
- Ang Mga Mobile Crisis Service ay ibinibigay ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan sa lokasyon kung saan kayo nakararanas ng krisis, kabilang ang sa inyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Available ang Mga Mobile Crisis Service 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kabilang sa Mga Mobile Crisis Service ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at pagpapakalma at pag-stabilize na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan ninyo ng karagdagang pangangalaga, ang mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mobile crisis ay magbibigay din ng maayos na paglipat (warm handoff) o referral sa iba pang serbisyo.

Assertive Community Treatment (ACT) (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang ACT ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga taong nangangailangan ng ACT ay karaniwang may kasaysayan ng pagkakaospital, pagbisita sa emergency room, pananatili sa mga treatment center, at/o pagkakaroon ng problema sa batas. Maaaring wala rin silang tirahan o hindi makakuha ng tulong mula sa mga regular na klinika.
- Inaangkop ng ACT ang mga serbisyo batay sa bawat tao at sa kani-kanilang pangangailangan. Ang layunin ay tulungan ang mga tao na gumaan ang pakiramdam at matutong mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad. Isang team ng iba’t ibang eksperto ang nagtutulungan upang magbigay ng lahat ng uri ng suporta at paggamot. Tinutulungan ng team na ito ang mga tao sa kalusugan

ng kanilang pag-iisip, tinuturuan sila ng mahahalagang kasanayan sa buhay, inaayos ang kanilang pangangalaga, at nag-aalok ng suporta sa loob ng komunidad. Ang pangkalahatang layunin ay tulungan ang bawat tao na gumaling (recover) mula sa kanilang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip at mamuhay nang mas maayos sa loob ng kanilang komunidad.

- Ang pagbibigay ng ACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Forensic Assertive Community Treatment (FACT) (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang FACT ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip na nagkaroon din ng mga suliranin na nauugnay sa batas. Gumagana ito tulad ng programa ng ACT, ngunit may ilang karagdagang tampok para matulungan ang mga taong may mataas na panganib o dati nang nasangkot sa sistema ng hustisya na nauugnay sa krimen.
- Ang FACT team ay binubuo ng mga eksperto na may espesyal na pagsasanay upang maunawaan ang mga pangangailangan ng mga taong nagkaroon ng suliranin na nauugnay sa batas. Nagbibigay sila ng kaparehong uri ng suporta at paggamot gaya ng ACT, tulad ng pagtulong sa kalusugan ng pag-iuugali, pagtuturo ng mga kasanayan sa buhay, pag-aayos ng pangangalaga, at pag-aalok ng suporta sa komunidad.
- Ang layunin ay tulungan ang bawat tao na gumaan ang pakiramdam, makaiwas sa gulo, at mamuhay nang mas malusog sa kanilang komunidad.
- Ang pagbibigay ng FACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP) (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang CSC ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong nakararanas ng psychosis sa unang pagkakataon. May mraming sintomas ang psychosis, kabilang ang pagkakita o pagkarinig ng mga bagay na hindi naman nakikita o naririnig ng iba. Nagbibigay ang CSC ng mabilis at pinagsamang suporta sa mga unang yugto ng psychosis, na nakatutulong upang maiwasan ang pagpapa-ospital, pagpunta sa emergency room, pananatili sa mga treatment center, pagkakaroon ng problema sa batas, paggamit ng ipinagabbawal na gamot, at kawalan ng tirahan.
- Nakatuon ang CSC sa bawat tao at sa kanilang indibidwal na pangangailangan. Isang team ng iba’t ibang eksperto ang nagtutulungan upang magbigay ng lahat ng uri ng tulong. Tumutulong sila sa paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, inaayos ang pangangalaga, at nag-aalok ng suporta sa komunidad. Ang layunin ay tulungan ang mga tao na gumaan ang pakiramdam, makontrol ang kanilang mga sintomas, at mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad.
- Ang pagbibigay ng CSC para sa FEP ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Mga Serbisyong Ibinibigay ng Clubhouse (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang mga clubhouse ay mga natatanging lugar na tumutulong sa mga tao sa kanilang paggaling mula sa mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip. Nakatuon sila sa mga kalakasan at kakayahan ng mga tao at lumilikha ng isang sumusuportang komunidad.
- Sa isang Clubhouse, maaaring makahanap ng trabaho, magkaroon ng mga kaibigan, matuto ng mga bagong bagay, at linangin ang mga kasanayan ng mga tao upang mapabuti ang kanilang kalusugan at pangkalahatang kapakanan.

Nakikipagtulungan din ang mga tao sa mga kawani ng Clubhouse upang magbigay kontribusyon sa mga pinagsasaluhang pangangailangan ng Clubhouse, tulad ng paghahanda ng tanghalian para sa iba pang miyembro ng Clubhouse. Ang layunin ay matulungan ang lahat na maging miyembro ng komunidad, hikayatin ang isa't isa na abutin ang kanilang mga layunin, at mapabuti ang kanilang pangkalahatang kalidad ng buhay.

- Ang pagbibigay ng Serbisyo ng Clubhouse ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Pinahusay na mga Serbisyo ng Community Health Worker (CHW) (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at pinagkakatiwalaang miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Pinahusay na mga Serbisyo ng CHW ay tumulong na maiwasan ang paglala ng mga sakit, kapansanan, at iba pang problemang pangkalusugan bago pa ito lumala. Kasama sa Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW ang lahat ng parehong bahagi at alituntunin gaya ng mga regular na serbisyong pang-iwas ng CHW, ngunit iniakma ang mga ito para sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-uugali. Ang layunin ay magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling malusog at nasa mabuting kalagayan ang mga miyembrong ito.
- Kabilang sa ilan sa mga serbisyong ito ang: edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga malulubha o nakahahawang sakit; mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali, perinatal, at oral; at pag-iwas sa pinsala; gayundin ang pagsusulong at pagtuturo (coaching) para sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng mga layunin at pagbuo ng mga plano ng aksyon upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng mga sakit.
- Ang pagbibigay ng Pinahusay na mga Serbisyo ng CHW ay opsyonal para sa

mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Suportadong Trabaho (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang modelo ng Individual Placement and Support (IPS) ng Suportadong Trabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may matinding pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali na makahanap at mapanatili ang mapagkumpitensiyang trabaho sa kanilang komunidad.
- Sa paglahok sa IPS Supported Employment, maaaring makamit ng mga tao ang mas magagandang resulta sa trabaho at masuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugalli.
- Tumutulong din ang programang ito na mapalakas ang pagiging independiyente, ang pakiramdam ng pagiging kabilang sa komunidad, at ang pangkalahatang kalusugan at kapakanan.
- Ang pagbibigay ng Suportadong Trabaho ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Mga Serbisyong In-Reach (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang Mga Serbisyong In-Reach para sa Pag-transisyon sa Komunidad ay mga serbisyong tumutulong sa mga taong matagal nang nasa psychiatric na ospital o pasilidad, o nasa panganib na manatili roon sa mahabang panahon. Nakikipagtulungan ang programa sa inyo, sa inyong pamilya, sa ospital o pasilidad, at sa iba pang taong sumusuporta sa inyo upang matulungan kayong makabalik sa komunidad. Ang layunin ay matulungan kayong maiwasan ang matagal na pananatili sa psychiatric na ospital o sa iba pang sentro ng pangangalaga.

Mga Serbisyo para sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya

Ano ang mga Serbisyo ng County sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Ang mga serbisyo ng county sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, ibig sabihin maaaring mali ang paggamit/pag-inom ng alak o iba pang ipinagbabawal na gamot, o para sa mga taong nanganganib na magkaroon ng ganitong kondisyon na maaaring hindi kayang gamutin ng isang pediatrician o general practitioner. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang mga gawaing isinasagawa ng tagapagbigay ng serbisyo upang mapabuti ang kalidad ng mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga pagtatasa para malaman kung kailangan ninyo ang serbisyo at kung epektibo ba ang serbisyong ibinibigay.

Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa klinika o tanggapan ng tagapagbigay ng serbisyo, sa inyong tahanan o iba pang setting sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa telehealth (kung saan parehong kasama ang audio-lamang at inter-aksyon sa video). Makikipagtulungan sa inyo ang county at ang tagapagbigay ng serbisyo upang matukoy ang dalas ng inyong mga serbisyo/ppointment.

American Society of Addiction Medicine (ASAM)

Gagamitin ng county o tagapagbigay ng serbisyo ang tool na American Society of Addiction Medicine (ASAM) upang matukoy ang naaangkop na antas ng pangangalaga. Ang mga ganitong uri ng serbisyo ay inilalarawan bilang “mga antas ng pangangalag,” at binibigyang-kahulugan sa ibaba.

Paunang Pagsusuri, Pagtatasa, Maikli/Panandaliang Interbensyon, at Referral sa Paggamot (American Society of Addiction Medicine Antas 0.5)

Ang Alcohol and Drug Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment (SABIRT) ay hindi saklaw na benepisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Isa itong benepisyo sa ilalim ng Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang pataas. Ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ay kailangang magbigay ng mga saklaw na serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, kabilang ang serbisyong ito para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang pataas.

Mga Serbisyo para sa Maagang Interbensyon

Ang mga serbisyo para sa maagang interbensyon ay saklaw na serbisyo sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang miyembro na wala pang 21 taong gulang na na-screen at natukoy na nasa panganib na magkaroon ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya ay maaaring makatanggap ng alinmang serbisyong saklaw sa antas ng serbisyo sa outpatient bilang mga serbisyo para sa maagang interbensyon. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya para makatanggap ng Mga Serbisyo para sa Maagang Interbensyon ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Maagang Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis, at Paggamot

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring makatanggap ng mga serbisyong nauna nang inilarawan sa handbook na ito, pati na rin ng karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT).

Upang makakuha ng mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), ang isang miyembro ay dapat wala pang 21 taong gulang at may kumpleto/full-scope na Medi-Cal. Sinasaklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na

kinakailangan upang itama o makatulong sa pagpapabuti ng mga kondisyon na nauugnay sa pisikal na kalusugan at kalusugan ng pag-iisip. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng isang kondisyon ay itinuturing na nakakatulong sa kondisyon ng pasyente at nasasaklaw bilang mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT). Ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay iba at mas flexible kumpara sa mga pamantayan sa pag-access para sa mga nasa hustong gulang na kumukuha ng mga serbisyo sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, upang matugunan ang kinakailangan para sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri (Screening), Diagnostic, at Paggamot at ang layunin ng pag-iwas at maagang interbensyon sa mga kondisyon ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya. Kung may mga tanong kayo tungkol sa mga serbisyong ito, mangyaring tawagan ang inyong county o bisitahin ang webpage ng DHCS para sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT).

Mga Serbisyo ng Paggamot para sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Antas 1)

- Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa pagpapayo sa mga miyembro nang hanggang siyam na oras bawat linggo para sa mga nasa hustong gulang at mas mababa sa anim na oras bawat linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag ito ay medikal na kinakailangan. Maaari kayong makakuha ng mas maraming oras batay sa inyong mga pangangailangan. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal, tulad ng tagapayo, nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o ng telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyo para sa Outpatient ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo (indibidwal at panggrupo), pampamilyang therapy, mga serbisyong nauugnay sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng paggamit ng opiod, Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng pag-inom ng alak at iba pang sakit ng paggamit ng ipinagbabawal na

substansya maliban sa opioid, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa paggaling, at serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Mga Intensibong Serbisyo para sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Antas 2.1)

- Ibinibigay ang Mga Intensibong Serbisyo para sa Outpatient sa mga miyembro nang hindi bababa sa siyam na oras na may maximum na 19 na oras bawat linggo para sa mga nasa hustong gulang, at hindi bababa sa anim na oras na may maximum na (19) na oras bawat linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kapag ito ay medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa indibidwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay kadalasang pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyung may kaugnayan sa adiksyon. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa loob ng isang structured na setting. Ang Mga Intensibong Serbisyo ng Paggamot para sa Outpatient ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o ng tawag sa telepono.
- Kasama sa Mga Intensibong Serbisyo para sa Outpatient ang parehong mga bagay gaya ng Mga Serbisyo para sa Outpatient. Ang mas maraming oras ng serbisyo ay ang pangunahing pagkakaiba.

Bahagyang Pagpapa-ospital (magkakaiba-iba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Antas 2.5)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring makatanggap ng serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), saanmang county sila nakatira.
- Kasama sa mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapa-ospital ang 20 o higit pang oras ng mga serbisyo bawat linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga programa para sa bahagyang pagpapa-ospital ay may direktang access sa mga

serbisyong psychiatric, medikal, at laboratoryo at natutugunan ang mga natukoy na pangangailangan na nangangailangan ng araw-araw na pagsubaybay o pamamahala, ngunit maaari namang angkop na maibigay sa isang klinika. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o ng tawag sa telepono.

- Ang mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapa-ospital ay katulad ng Mga Intensibong Serbisyo para sa Outpatient, na may pagtaas sa bilang ng oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal bilang pangunahing pagkakaiba.

Pang-residensyal na Paggamot (napapailalim sa awtorisasyon ng county) (American Society of Addiction Medicine Antas 3.1 – 4.0)

- Ang Pang-residensyal na Paggamot ay isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa rehabilitasyon para sa mga miyembrong na-diagnose ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, kapag natukoy ito bilang medikal na kinakailangan. Ang miyembro ay maninirahan sa propyedad at susuportahan sa kanilang pagsisikap na magbago, mapanatili, at maisabuhay ang mga kasanayan sa pakikisalamuha at independiyenteng pamumuhay sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono sa pagbibigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa pang-residensyal na paggamot. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo at residente ay nagtutulungan upang tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga prayoridad, bumuo ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang may kaugnayan sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya. Kabilang sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga substansya, paghahanda laban sa mga posibleng trigger ng pag-relapse, pagpapabuti ng personal na kalusugan at kasanayang panlipunan, at aktibong pakikilahok sa pangmatagalang pangangalaga.

- Ang mga serbisyong pang-residensyal ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon mula sa county sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Kasama sa mga Serbisyong Pang-residensyal ang inisyal na hakbang (intake) at pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pang-grupong pagpapayo, pampamilyang therapy, mga serbisyong may kaugnayan sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit sa labis na pag-inom ng alak at iba pang sakit ng paggamit ng ipinagbabawal na substansya maliban sa opioid, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa paggaling, at serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.
- Ang mga tagapagbigay ng mga Serbisyong Pang-residensyal ay kinakailangang magbigay ng gamot para sa paggamot ng adiksyon nang direkta sa site o tumulong sa mga miyembro na makakuha ng gamot para sa paggamot ng adiksiyon sa labas ng site. Hindi natutugunan ng mga tagapagbigay ng mga Serbisyong Pang-residensyal ang kinakailangang ito sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mga Serbisyong Pang-residensyal ay kinakailangang mag-alok at magreseta ng mga gamot para sa mga miyembrong saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS).

Mga Serbisyo ng Paggamot para sa Inpatient (kailangang may awtorisasyon ng county) (magkakaiba-iba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Antas 3.1 – 4.0)

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), saanmang county sila naninirahan.

- Ang mga serbisyo para sa inpatient ay ibinibigay sa isang 24 na oras na setting na nagbibigay ng propesyonal na pagsusuri (evaluation), obserbasyon, medikal na pagsubaybay, at paggamot para sa adiksyon sa isang inpatient na setting. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono upang makapagbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa inpatient treatment.
- Ang mga serbisyo para sa inpatient ay lubos na structured, at karaniwang may available na doktor sa site sa loob ng 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nars, tagapayo para sa adiksyon at iba pang klinikal na kawani. Kasama sa Mga Serbisyo para sa Inpatient ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, pampamilyang therapy, mga serbisyong may kaugnayan sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng labis na pag-inom ng Alak at iba pang sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya maliban sa opioid, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa paggaling, at serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Narcotic Treatment Program (Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics)

- Ang Mga Narcotic Treatment Program (Mga Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics) ay mga programang nasa labas ng ospital na nagbibigay ng gamot para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, kapag iniutos ng doktor bilang medikal na kinakailangan. Ang Mga Narcotic Treatment Program (Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics) ay kinakailangang magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang miyembro ay dapat alukin ng hindi bababa sa 50 minutong sesyon ng pagpapayo bawat buwan ng kalendaryo. Ang mga serbisyo sa pagpapayo na ito ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o ng tawag sa telepono. Kasama sa Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Pagkalulong sa

Narcotics ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, pampamilyang therapy, medical psychotherapy, mga serbisyong may kaugnayan sa gamot, pamamahala ng pangangalaga, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng labis na pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya maliban sa opioid, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa paggaling, at serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Withdrawal Management

- Ang mga serbisyo sa Withdrawal Management ay agaran at ibinibigay sa panandaliang batayan. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito kahit bago pa maisagawa ang isang kumpletong pagsusuri (full evaluation). Ang mga serbisyo sa Withdrawal Management ay maaaring ibigay sa outpatient, residensyal, o inpatient na setting.
- Anuman ang uri ng setting, ang miyembro ay dapat subaybayan habang isinasagawa ang proseso ng withdrawal management. Ang mga miyembrong tumatanggap ng withdrawal management sa residensyal o inpatient na setting ay dapat tumira sa nasabing lokasyon. Ang mga medikal na kinakailangang habilitative at rehabilitative na serbisyo ay inireseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagreseta/prescriber.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Withdrawal Management ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, mga serbisyong may kaugnayan sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa sakit ng labis na pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya maliban sa opioid, obserbasyon, at serbisyo sa paggaling.

Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon

- Ang mga Serbisyo sa Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT) ay available sa parehong klinikal at hindi klinikal

na setting. Kabilang sa Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT) ang lahat ng gamot at biyolohikal na produkto na inaprubahan ng FDA para sa paggamot sa sakit ng labis na pag-inom ng alak, sakit sa paggamit ng opioid, at anumang uri ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.. May karapatan ang mga miyembro na alukin ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT) sa site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kabilang sa listahan ng mga inaprubahang gamot ang:

  - Acamprosate Calcium
  - Buprenorphine Hydrochloride
  - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
  - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
  - Naloxone Hydrochloride
  - Naltrexone (ora)
  - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
  - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
  - Disulfiram (Antabuse)
  - Methadone (ibinibigay lamang ng Mga Narcotic Treatment Program o Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics)

- Maaaring ibigay ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon kasama ng mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pang-grupong pagpapayo, pampamilyang therapy, mga serbisyong may kaugnayan sa gamot, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa paggaling, serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, at serbisyo sa withdrawal management. Ang mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon ay maaaring ibigay bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kabilang ang Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Outpatient, Serbisyo para sa Intensive Outpatient, at Pang-residensyal na Paggamot, bilang halimbawa.

- Maaaring ma-access ng mga miyembro ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa labas ng county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Halimbawa, ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon (Medications for Addiction Treatment, MAT) gaya ng buprenorphine ay maaaring ireseta ng ilang tagapagreseta sa mga setting ng pangunahing pangangalaga na gumagana sa iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga at maaaring ibigay o i-administer sa isang parmasya.

Muling Pagbabalik sa Komunidad ng mga Nasangkot sa Sistema ng Hustisya (Justice-Involved Reentry)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasangkot sa sistema ng hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakakulong. Kabilang sa mga uri ng serbisyong available ang pamamahala ng kaso para sa muling pagbabalik sa komunidad (reentry case management), mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, suporta mula sa kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon para sa pasyente, serbisyong may kaugnayan sa gamot, pagpaplano pagkatapos ng pagpapalabas at discharge, serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon tungkol sa gamot, serbisyong pangsuporta, at tulong sa pag-enroll sa angkop na tagapagbigay ng serbisyo, halimbawa, sa isang Narcotic Treatment Program (Programa sa Paggamot ng Pagkalulong sa Narcotics) upang maipagpatuloy ang Medication-Assisted Treatment (MAT) kapag nakalabas na. Upang makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat maging miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
    - Kung wala pang 21 taong gulang at nasa kustodiya ng isang Pasilidad para sa Kabataang may Kaso sa Batas (Youth Correctional Facility).
    - Kung ang isang nasa hustong gulang ay nasa kustodiya at nakakatugon sa isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.

- Makipag-ugnayan sa inyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan (Medi-Cal Peer Support Services) ay nagtataguyod ng paggaling, katatagan (resiliency), pakikilahok (engagement), pakikisalamuha, pagiging self-sufficient, kakayahang itaguyod ang sarili (self-advocacy), pagbuo ng likas na suporta (natural supports), at pagkilala sa mga lakas o kakayahan ng indibidwal sa pamamagitan ng mga structured na aktibidad. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa inyo o sa mga itinalaga mong mahalagang tagasuporta, at maaari rin itong matanggap kasabay ng iba mo pang tinatanggap na serbisyo pata sa kalusugan ng pag-iisip sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Espesyalista sa Suporta Mula sa Kasamahan (Peer Support Specialist) sa ilalim ng Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan (lived experience) sa mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali o paggamit ng ipinagbabawal na substansya at nasa pagpapagaling, na nakumpleto ang mga kinakailangan para sa programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng county, na sertipikado ng mga county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o naka-rehistro sa Estado.
- Kasama sa Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) ang indibidwal at panggrupong pagtuturo, mga grupong pang-edukasyon para sa paglinang ng kasanayan, pag-navigate sa mapagkukunan, serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang mahikayat kayong lumahok sa paggamot na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali, at therapeutic na aktibidad tulad ng kakayahang itaguyod ang sarili (self-advocacy).

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), saanmang county sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Mga Serbisyo sa Paggaling

- Ang Mga Serbisyo sa Paggaling ay maaaring maging mahalagang bahagi ng inyong paggaling at pangkalahatang kalusugan. Ang Mga Serbisyo sa Paggaling ay makatutulong sa inyo na makakonekta sa komunidad ng paggamot (treatment community) upang mas maayos ninyong mapangasiwaan ang inyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Kaya naman, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang inyong tungkulin sa pamamahala ng sariling kalusugan, ang paggamit ng epektibong mga estratehiya sa suporta sa pamamahala ng sarili, at ang pag-oorganisa ng mga panloob at pangkomunidad na mapagkukunan upang makapagbigay ng patuloy na suporta sa sariling pangangalaga.
- Maaari kang makatanggap ng Mga Serbisyo sa Paggaling batay sa inyong sariling pagtatasa (self-assessment) o batay sa pagtatasa ng inyong tagapagbigay ng serbisyo tungkol sa panganib ng pag-relapse. Maaari rin ninyong matanggap ang Mga Serbisyo sa Paggaling nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o ng tawag sa telepono.
- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pang-grupong pagpapayo, pampamilyang therapy, rpagsubaybay sa paggaling, at mga bahagi ng pag-iwas sa pag-relapse.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang Mga Serbisyo para sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad na naglalayong magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya, pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, at medikal na pangangalaga, at upang magbigay ng koneksyon sa mga serbisyo at suportang kailangan para sa inyong kalusugan. Ibinibigay ang Koordinasyon ng Pangangalaga kasama ng lahat ng serbisyo at maaaring mangyari sa klinikal o hindi klinikal na setting, kabilang ang sa loob ng inyong komunidad.
- Kabilang sa Mga Serbisyo para sa Koordinasyon ng Pangangalaga (Care Coordination Services) ang pakikipag-coordinate sa mga tagapagbigay ng serbisyong medikal at kalusugan ng pag-iisip upang masubaybayan at masuportahan ang mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan, pagpaplano ng paglabas (discharge planning), at pakikipag-coordinate sa karagdagang serbisyo, kabilang ang pagkonekta sa inyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Contingency Management (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT), anuman ang county kung saan sila naninirahan.
- Ang pagbibigay ng mga Contingency Management Service ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.
- Ang mga Serbisyo para sa Contingency Management ay isang paggamot na batay sa ebidensya para sa sakit sa paggamit ng stimulant. Ang mga kwalipikadong benepisyaryo ay inaasahang lalahok sa isang structured na 24 na linggong outpatient na serbisyo ng Contingency Management, na susundan ng anim na buwan o higit pa ng karagdagang paggamot at serbisyong sumusuporta sa paggaling, nang walang kalakip na insentibo.

- Kabilang sa unang 12 linggo ng mga serbisyo para sa Contingency Management ang sunod-sunod na insentibo para sa mga pagtugon sa layunin ng paggamot, partikular ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal. cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Ang mga kalahok ay dapat sumang-ayon na sumailalim sa mga pagsusuri para sa presensya ng ipinagbabawal na gamot sa ihi nang kasingdalas ng itinatakda ng programa para sa mga serbisyo sa Contingency Management. Ang mga insentibo ay binubuo ng mga katumbas ng pera/cash (hal. mga gift card).
- Available lamang ang mga Serbisyo sa Contingency Management sa mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo sa hindi pang-residensyal na setting na pinapatakbo ng isang kalahok na tagapagbigay ng serbisyo, at naka-enroll at lumalahok sa isang komprehensibo at iniangkop na programa ng paggamot.

Mga Mobile Crisis Service

- Available ang mga Mobile Crisis Service kung nakararanas kayo ng krisis na may kaugnayan sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.
- Ang Mga Mobile Crisis Service ay ibinibigay ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan sa lokasyon kung saan kayo nakararanas ng krisis, kabilang ang sa inyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Available ang Mga Mobile Crisis Service 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kabilang sa Mga Mobile Crisis Service ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at pagpapakalma at pag-stabilize na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan ninyo ng karagdagang pangangalaga, ang mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mobile crisis ay magbibigay din ng maayos na paglipat (warm handoff) o referral sa iba pang serbisyo.

Mga Tradisyonal na Kasanayan sa Pangangalagang Pangkalusugan

- Ang mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay inaasahang mapapabuti ang pag-access sa pangangalagang tumutugon sa

kultura; suportahan ang kakayahan ng mga pasilidad na ito na pagsilbihan ang kanilang mga pasyente; mamantini at mapanatili ang kalusugan; mapabuti ang mga resulta ng kalusugan at ang kalidad at karanasan ng pangangalaga; at bawasan ang umiiral na mga pagkakaiba sa pag-access sa pangangalaga.

- Ang mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay sumasaklaw sa dalawang bagong uri ng serbisyo: mga serbisyo sa Tradisyonal na Healer at Natural Helper. Kasama sa mga serbisyo ng Tradisyonal na Healer ang therapy sa pamamagitan ng musika (tulad ng tradisyonal na musika at mga awit, sayaw, pagda-drum), espiritualidad (tulad ng mga seremonya, ritwal, herbal remedy) at iba pang pinagsama-samang pamamaraan ng pangangalaga. Ang mga serbisyo ng Natural Helper ay maaaring makatulong sa suporta sa pag-navigate, pagbuo ng mga kasanayan sa psychosocial, pamamahala sa sarili, at suporta kaugnay ng trauma.
- Makipag-ugnayan sa inyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Pinahusay na mga Serbisyo ng Community Health Worker (CHW) (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at pinagkakatiwalaang miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Pinahusay na mga Serbisyo ng CHW ay tumulong na maiwasan ang paglala ng mga sakit, kapansanan, at iba pang problemang pangkalusugan bago pa ito lumala. Kasama sa Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW ang lahat ng parehong bahagi at alituntunin gaya ng mga regular na serbisyong pang-iwas ng CHW, ngunit iniakma ang mga ito para sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-uugali. Ang layunin ay magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling malusog at nasa mabuting kalagayan ang mga miyembrong ito.
- Kabilang sa ilan sa mga serbisyong ito ang: edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga malulubha o

nakahahawang sakit; mga kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali, perinatal, at oral; at pag-iwas sa pinsala; gayundin ang pagsusulong at pagtuturo (coaching) para sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng mga layunin at pagbuo ng mga plano ng aksyon upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng mga sakit.

- Ang pagbibigay ng Pinahusay na mga Serbisyo ng CHW ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

Suportadong Trabaho (magkakaiba-iba ayon sa county)

- Ang modelo ng Individual Placement and Support (IPS) ng Suportadong Trabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may matinding pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali na makahanap at mapanatili ang mapagkumpitensiyang trabaho sa kanilang komunidad.
- Sa paglahok sa IPS Supported Employment, maaaring makamit ng mga tao ang mas magagandang resulta sa trabaho at masuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugalli.
- Tumutulong din ang programang ito na mapalakas ang pagiging independiyente, ang pakiramdam ng pagiging kabilang sa komunidad, at ang pangkalahatang kalusugan at kapakanan.
- Ang pagbibigay ng Suportadong Trabaho ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng ganitong serbisyo ang inyong county.

AVAILABLE ANG MGA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA TELEPONO O TELEHEALTH

Hindi palaging kinakailangan ang personal o harap-harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng inyong tagapagabigay ng serbisyo para makatanggap kayo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Depende sa uri ng serbisyong kailangan ninyo, maaari ninyong matanggap ang inyong mga serbisyo sa pamamagitan ng tawag sa telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa inyo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ang paggamit ng telepono o telehealth at tiyakin na sumasang-ayon kayo bago simulan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Kahit na sumasang-ayon kayo na makatanggap ng inyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth o telepono, maaari ninyong piliin sa susunod na makatanggap ng inyong mga serbisyo nang personal o harap-harapan. Ang ilang uri ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay hindi maaaring ibigay lamang sa pamamagitan ng telehealth o telepono dahil kinakailangan na nasa isang tiyak na lugar kayo para matanggap ang serbisyo, tulad ng mga serbisyo ng pang-residensyal na paggamot o serbisyong ibinibigay sa ospital.

ANG PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA/ISYU: PARA MAGHAIN NG HINAING, APELA, O HUMILING NG ISANG PORMAL NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)

Paano Kung Hindi Ko Makuha ang mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking County?

Ang inyong county ay dapat may malinaw na paraan upang maresolba ang anumang problema na may kaugnayan sa mga serbisyong nais ninyong makuha o kasalukuyan ninyong tinatanggap. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema, at maaari itong kabilang dito ang mga sumusunod:

- Ang Proseso ng Hinaing: Isang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng paghihinagpis tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa inyong mga espesyal na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot, isang tagapagbigay ng serbisyo, o sa county. Sumangguni sa seksyon ng Proseso ng Hinaing ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ang Proseso ng Apela: Ang apela ay isinasagawa kapag hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang inyong mga serbisyo (halimbawa, pagtanggi, paghinto, o pagbawas ng mga serbisyo) o hindi sasaklawin ang mga ito. Sumangguni sa seksyon ng Proseso ng Apela ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ang Proseso ng Pormal na Pagdinig ng Estado: Ang Pormal na Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang isang administratibong hukom ng batas mula sa California Department of Social Services (CDSS) kung tinanggihan ng county ang inyong apela. Sumangguni sa seksyong Pormal na Pagdinig ng Estado ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang paghahain ng hinaing, apela, o paghingi ng Pormal na Pagdinig ng Estado ay hindi magagamit laban sa inyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong kasalukuyan ninyong tinatanggap. Ang paghahain ng hinaing o apela ay nakakatulong upang makuha ang mga serbisyong kailangan ninyo at malutas ang anumang problema na

may kaugnayan sa inyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Nakakatulong din ang mga hinaing at apela sa county sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng impormasyon na maaari nilang gamitin para mapabuti ang mga serbisyo. Ipapaalam ng inyong county sa'yo, sa mga tagapagbigay ng serbisyo, at sa magulang/tagapag-alaga ang resulta kapag natapos na ang inyong hinaing o apela. Aabisuhan kayo ng Tanggapan ng Pormal na Pagdinig ng Estado at ang tagapagbigay ng serbisyo ng resulta kapag natapos na ang Pormal na Pagdinig ng Estado.

Paalala: Matuto pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema/isyu sa ibaba.

Maaari Ba Akong Humingi ng Tulong sa Paghahain ng Apela, Hinaing, o Pormal na Pagiding ng Estado?

Tutulong ang inyong county na maipaliwanag ang mga prosesong ito sa inyo at dapat na tulungan kayong maghain ng hinaing, apela, o humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado. Maaari rin kayong tulungan ng county na matukoy kung kwalipikado kayo sa tinatawag na proseso ng “pinabilis na apela”, na nangangahulugang mas mabilis itong rerepasuhin dahil nanganganib ang inyong kalusugan, kalusugan ng pag-iisp, at/o katatagan ng inyong kalagayan. Maaari rin kayong magbigay ng awtorisasyon sa ibang tao na kumilos para sa inyo, kabilang ang inyong tagapagbigay ng serbisyo o tagapagtaguyod (advocate).

Kung gusto ninyo ng tulong, makipag-ugnayan sa inyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Ang inyong county ay may obligasyong bigyan kayo ng makatuwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang hakbang sa proseso na may kaugnayan sa hinaing o apela. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng serbisyo ng interpreter at mga libreng numero na may TTY/TDD at kakayahan ng interpreter.

Kung Kailangan Ninyo ng Karagdagang Tulong

Makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, Tanggapan ng Ombudsman:

- Telepono: **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (hindi kasama ang mga holiday).

O

- E-mail: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Tandaan**: Ang mga mensaheng ipinapadala sa pamamagitan ng e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensyal (mangyaring huwag magsama ng anumang personal na impormasyon sa mensahe ng e-mail).

Maaari rin kayong makakuha ng libreng legal na tulong sa inyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o sa iba pang grupo. Para magtanong tungkol sa inyong mga karapatan kaugnay ng Pormal na Pagdinig ng Estado, maaari kayong makipag-ugnayan sa Public Inquiry and Response Unit ng California Department of Social Services sa numerong ito: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **1-800-952-8349**).

Mga Hinaing

Ano ang isang Hinaing?

Ang hinaing ay anumang pagpapahayag ng inyong kawalan ng kasiyahan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na inyong natatanggap na hindi saklaw ng proseso ng apela o ng Pormal na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing). Kabilang dito ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng inyong pangangalaga, kung paano kayo tinatrato ng mga kawani at tagapagbigay ng serbisyo, at hindi pagkakasunduan tungkol sa mga desisyong may kinalaman sa inyong pangangalaga.

Mga halimbawa ng hinaing:

- Kung nararamdaman ninyo na naging bastos ang isang tagapagbigay ng serbisyo sa inyo o hindi iginalang ang inyong mga karapatan.
- Kung kailangan ng county ng karagdagang panahon na magdesisyon tungkol sa pag-apruba ng serbisyong hiniling ng inyong tagapagbigay ng serbisyo para sa inyo, at hindi kayo sumasang-ayon sa pagpapalawig na ito.

- Kung hindi kayo nasisiyahan sa kalidad ng pangangalagang inyong natatanggap o sa paraan ng pagpapaliwanag o pakikipag-ugnayan sa inyo tungkol sa inyong plano ng paggamot.

Ano ang Proseso ng Hinaing?

Ang proseso ng hinaing ay:

- Kabilang dito ang mga simpleng hakbang upang maghain ng inyong hinaing sa pasalita o nakasulat na paraan.
- Hindi ito magiging dahilan upang mawalan kayo ng mga karapatan o serbisyo, at hindi rin ito gagamitin laban sa inyong tagapagbigay ng serbisyo.
- Papayagan kayong bigyan ng pahintulot ang ibang tao na kumilos o umakto para sa inyo. Maaaring ito ay isang tagapagbigay ng serbisyo o isang tagapagtaguyod. Kung sumasang-ayon kayo na may ibang taong kikilos para sa inyo, maaaring hilingin sa inyo na lagdaan ang isang form ng awtorisasyon, na nagbibigay ng pahintulot sa inyong county na ibahagi ang impormasyon sa taong iyon.
- Tiyakin na ang inaprubahang taong magdedesisyon sa hinaing ay may sapat na kwalipikasyon upang gumawa ng desisyon at hindi naging bahagi ng alinmang naunang antas ng pagrerepaso o paggawa ng desisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin ng inyong county, tagapagbigay ng serbisyo, at kayo mismo.
- Tiyakin na ang resulta ng hinaing ay naibibigay sa loob ng itinakdang timeline.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Hinaing?

Maaari kayong maghain ng hinaing anumang oras kung hindi kayo nasisiyahan sa pangangalagang inyong natanggap o kung mayroon kayong iba pang alalahanin kaugnay ng inyong county.

Paano Ako Makakapaghain ng Hinaing?

Maaari ninyong tawagan ang 24/7 na libreng Access Line ng inyong county anumang oras para makatanggap ng tulong sa isang hinaing. Maaaring ihain ang hinaing nang pasalita o nakasulat. Ang mga karaingang isinumite nang pasalita ay hindi na kailangang sundan ng nakasulat na hinaing. Kung ihahain ninyo nang nakasulat ang inyong hinaing, mangyaring tandaan ang mga sumusunod: Ang inyong county ay nagsu-suplay ng mga sobre na may nakalagay nang sariling address (self-addressed envelopes) sa lahat ng site ng tagapagbigay ng serbisyo. Kung wala kayong sobre na may nakalagay nang sariling address (self-addressed envelope), ipadala sa koreo ang inyong nakasulat na mga karaingan sa address na nakasaad sa harap ng handbook na ito.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng County ang Aking Hinaing?

Inaatasan ang inyong county na bigyan kayo ng isang nakasulat na liham upang ipaalam na natanggap na ang inyong hinaing sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagtanggap nito. Ang isang karaingan na natanggap sa telepono o sa personal, na sumang-ayon kayong naresolba sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, ay hindi kasama at maaaring hindi kayo makakatanggap ng isang liham.

Kailan Magkakaroon ng Desisyon para sa Aking Hinaing?

Ang desisyon tungkol sa inyong hinaing ay kailangang gawin ng inyong county sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghahain ng inyong hinaing.

Paano Ko Malalaman Kung Nakapagpasya na ang County Tungkol sa Aking Hinaing?

Kapag may desisyon na tungkol sa inyong hinaing, gagawin ng county ang mga sumusunod:

- Magpapadala sa inyo o sa inyong awtorisadong kinatawan ng nakasulat na abiso tungkol sa naging desisyon;
- Magpadala sa inyo o sa inyong awtorisadong kinatawan ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo na nagpapaliwanag sa inyo ng inyong

karapatang humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado kung hindi kayo naabisuhan ng county tungkol sa desisyon sa inyong karaingan sa tamang oras;

- Papayuhan kayo tungkol sa inyong karapatan na humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado.

Maaaring hindi kayo makatanggap ng nakasulat na abiso ng desisyon kung ang inyong hinaing ay inihain sa pamamagitan ng telepono o sa personal, at sumang-ayon kayo na nalutas na ang inyong isyu bago natapos ang susunod na araw ng trabaho mula sa petsa ng paghahain.

Tandaan: Ang inyong county ay kinakailangang magbigay sa inyo ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo sa petsa ng pag-expire ng itinakdang panahon. Maaari kayong tumawag sa county para sa karagdagang impormasyon kung hindi kayo nakatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo.

May Deadline ba sa Paghahain ng Hinaing?

Wala. Maaari kayong magsumite ng hinaing anumang oras. Huwag mag-atubiling ipaalam sa county ang anumang isyu o alalahanin. Palaging makikipagtulungan sa inyo ang county upang makahanap ng solusyon sa inyong mga alalahanin.

Mga Apela

Maaari kayong magsampa ng apela kung hindi kayo sumasang-ayon sa naging desisyon ng county tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kasalukuyan ninyong tinatanggap o gusto ninyong matanggap. Maaari kayong humiling na repasuhin ang desisyon ng county sa pamamagitan ng paggamit ng:

- Ang Karaniwang Proseso ng Apela.

O

- Ang Pinabilis na Proseso ng Apela.

Tandaan: Magkapareho ang dalawang uri ng apela; gayunman, may mga partikular na kinakailangan upang maging kuwalipikado para sa pinabilis na apela (tingnan sa ibaba ang mga kinakailangan).

Tutulungan kayo ng county sa pagkumpleto ng mga form at sa iba pang hakbang sa proseso ng paghahain ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pagbibigay-alam sa inyo kung saan matatagpuan ang form sa kanilang website, o pagbibigay sa inyo ng form kapag hiniling ninyo ito. Ang county ay magbibigay rin ng payo at tutulungan kayo sa paghiling na ipagpatuloy ang inyong mga benepisyo habang isinasagawa ang apela laban sa hindi kanais-nais na desisyon sa benepisyo, alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Nagagawa ng Karaniwang Proseso ng Apela?

Gagawin ng Karaniwang Proseso ng Apela ang mga sumusunod:

- Hahayaan kang maghain ng apela nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat ng liham.
- Titiyakin na ang paghahain ng apela ay hindi magreresulta sa pagkawala ng inyong mga karapatan o serbisyong tinatanggap, o hindi rin ito gagamitin laban sa inyong tagapagbigay ng serbisyo sa anumang paraan.
- Hahayaan kayong magbigay-awtorisasyon sa ibang tao (kabilang ang isang tagapagbigay ng serbisyo o tagapagtaguyod) upang kumilos para sa inyo. Tandaan: Kung magbibigay kayo ng awtorisasyon sa ibang tao na kumilos/umakto para sa inyo, maaaring hilingin sa inyo ng county na lagdaan ang isang form na nagbibigay-awtorisasyon sa county na ibahagi ang impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpatuloy ang inyong mga benepisyo kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng itinakdang timeframe. Mangyaring tandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa kung kailan ipinadala sa koreo o personal na ibinigay sa inyo ang inyong Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo.
- Tiyaking hindi kayo magbabayad para sa mga serbisyong ipinagpatuloy habang nakabinbin ang apela, kung ang pinal na desisyon sa apela ay pabor sa hindi kanais-nais na desisyon ng county tungkol sa inyong mga benepisyo.
- Tiyakin na ang mga nagpapasya sa inyong apela ay may sapat na kwalipikasyon at hindi naging kasangkot sa alinmang naunang antas ng pagrerepaso o paggawa ng desisyon.

- Hahayaan kayo o ang inyong kinatawan na repasuhin ang inyong case file, kabilang ang mga medikal na rekord at iba pang kaugnay na dokumento.
- Hahayaan kayong magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magharap ng ebidensya, testimonya, at mga argumento, sa personal man o sa pamamagitan ng nakasulat na paraan.
- Hinahayaan ka, ang inyong awtorisadong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng isang yumaong miyembro na maisama bilang mga partido sa apela.
- Bibigyan kayo ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa inyong county na ang inyong apela ay kasalukuyang nirerepaso.
- Ipapaalam sa inyo ang inyong karapatang humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado, matapos makumpleto ang proseso ng apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apela?

Maaari kayong maghain ng apela sa inyong county kapag:

- Tinutukoy ng county o ng kinontratang tagapagbigay ng serbisyo na hindi ninyo natutugunan ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Inirerekomenda ng iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan ang isang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at humihiling ng pahintulot mula sa inyong county, ngunit tinanggihan ng county ang kahilingan o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Humihiling ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ng pahintulot mula sa county, ngunit humihingi ang county ng karagdagang impormasyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa itinakdang panahon.
- Hindi naibibigay ng inyong county ang mga serbisyo alinsunod sa itinakda nitong mga timeline.
- Pakiramdam ninyo ay hindi natutugunan ng county ang inyong mga pangangailangan sa tamang oras.
- Hindi nalutas sa tamang oras ang inyong hinaing, apela, o pinabilis na apela.

- Hindi kayo magkasundo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo tungkol sa kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Paano Ako Makakapaghain ng Apela?

- Maaari kayong maghain ng apela sa alinman sa sumusunod na tatlong paraan:
    - Tumawag sa libreng numero ng telepono ng inyong county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Pagkatapos tumawag, kailangan rin ninyong maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
    - Ipadala sa koreo ang inyong apela (Magbibigay ang county ng mga sobre na may nakalagay nang address sa lahat ng lugar ng mga tagapagbigay ng serbisyo upang magamit ninyo sa pagpapadala ng inyong apela). Tandaan: Kung wala kayong sobre na may nakalagay nang sariling address (self-addressed envelope), maaari ninyong ipadala sa koreo ang inyong apela nang direkta sa address na nakasaad sa harap ng handbook na ito; o
    - Isumite ang inyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng “Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng County” ng handbook na ito upang malaman ang angkop na paraan (hal., email, fax) para sa pagsusumite ng inyong apela.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?

Ikaw o ang inyong awtorisadong kinatawan ay makakatanggap ng nakasulat na notipikasyon mula sa inyong county tungkol sa naging desisyon sa inyong apela. Kasama sa notipikasyon ang sumusunod na impormasyon:

- Ang resulta ng proseso ng pagresolba ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung hindi maresolba ang apela nang pabor sa inyo, maglalaman ang abiso ng impormasyon tungkol sa inyong karapatan sa isang Pormal na Pagdinig ng Estado at kung paano humiling nito.

May Deadline ba sa Paghahain ng Apela?

Dapat kayong maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsang nakasaad sa Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo. Walang deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi kayo nakatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo, kaya maaari kayong maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Kailangang magdesisyon ang county tungkol sa inyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula nang matanggap nila ang inyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ko Kayang Maghintay ng 30 Araw Para sa Desisyon sa Aking Apela?

Kung natutugunan ng apela ang mga pamantayan para sa pinabilis na proseso ng apela, maaari itong maproseso nang mas mabilis.

Ano ang isang Pinabilis na Apela?

Ang pinabilis na apela ay sumusunod sa kaparehong proseso ng karaniwang apela ngunit mas mabilis itong isinasagawa. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na apela:

- Kailangan ninyong ipakita na ang paghihintay sa karaniwang proseso ng apela ay maaaring magpalala ng iyong kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang pinabilis na proseso ng apela ay sumusunod sa iba't ibang dealine kumpara sa karaniwang apela.
- Ang county ay may 72 oras para repasuhin ang mga pinabilis na apela.
- Maaari kayong magsumite ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela.
- Hindi kinakailangang nakasulat ang inyong kahilingan para sa pinabilis na apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apela?

Kung ang paghihintay nang hanggang 30 araw para sa desisyon sa karaniwang apela ay maaaring maglagay sa inyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o maibalik ang pinakamataas na antas ng paggana sa panganib, maaari kayong humiling ng pinabilis na pagresolba ng apela.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa mga Pinabilis na Apela:

- Kung nakakatugon ang inyong apela sa mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ito ng county sa loob ng 72 oras mula nang matanggap nila ito.
- Kung matukoy ng county na ang inyong apela ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan para sa isang pinabilis na apela, kinakailangan nila kayong bigyan ng napapanahong pasalitang notipikasyon at magbigay ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na nagpapaliwanag ng dahilan para sa kanilang desisyon. Pagkatapos, susunod ang inyong apela sa mga takdang timeframe ng karaniwang apela na una nang nabalangkas sa seksyong ito.
- Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang inyong apela ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan para sa pinabilis na apela, maaari kayong maghain ng hinaing.
- Pagkatapos lutasin ng inyong county ang inyong kahilingan para sa pinabilis na apela, ikaw at ang lahat ng apektadong partido ay aabisuhan sa pamamagitan ng pasalita at nakasulat na paraan.

Mga Pormal na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearings)

Ano ang Isang Pormal na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing)?

Ang Pormal na Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagrerepaso na isinasagawa ng isang administratibong hukom ng batas mula sa California Department of Social Services (CDSS) upang matiyak na natatanggap ninyo ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kwalipikado kayo sa ilalim ng programa ng Medi-Cal. Mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Panlipunang Serbisyo ng California (California Department of Social Services) sa https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests para sa karagdagang mapagkukunan.

Ano ang Aking mga Karapatan sa Pormal na Pagdinig ng Estado?

May karapatan kayong:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng isang administratibong hukom ng batas, na kilala rin bilang Pormal na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing), upang matugunan ang inyong kaso.
- Alamin kung paano humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Alamin ang mga regulasyong nagtatakda kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Humiling na ipagpatuloy ang inyong mga benepisyo habang isinasagawa ang proseso ng Pormal na Pagdinig ng Estado, kung humiling kayo ng Pormal na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga itinakdang timeframe.
- Hindi ninyo kailangang magbayad para sa mga serbisyong ipinagpatuloy habang nakabinbin ang Pormal na Pagdinig ng Estado at kung ang pinal na desisyon ay pabor sa hindi kanais-nais na desisyon sa benepisyo ng county.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Kahilingan para sa Pormal na Pagdinig ng Estado?

Maaari kayong maghain ng kahilingan para sa Pormal na Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain kayo ng apela at nakatanggap ng liham ng resolusyon ng apela na nagsasaad na tinanggihan ng inyong county ang inyong kahilingan sa apela.
- Hindi nalutas sa tamang panahon ang inyong hinaing, apela, o pinabilis na apela.

Paano Ako Maghahain ng Kahilingan para sa Pormal na Pagdinig ng Estado?

Maaari kayong humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado sa mga sumusunod na paraan:

- Sa online: sa website ng Pamamahala ng Kaso ng Apela ng Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services Appeals Case Management): https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do
- Sa Pamamagitan ng Sulat: Isumite ang inyong kahilingan sa county welfare department sa address na nakasaad sa Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon

sa Benepisyo, o ipadala ito sa koreo sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

- Sa pamamagitan ng Fax: 916-651-5210 o 916-651-2789

Maaari rin kayong humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na State Fair Hearing:

- Sa Pamamagitan ng Pagtawag sa Telepono:
    - *Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado*, libreng pagtawag, sa **1-800-743-8525** o **1-855-795-0634**.
    - *Serbisyo para sa mga Katanungan at Pagtugon ng Publiko (Public Inquiry and Response)*, libreng pagtawag sa **1-800-952-5253** o TDD sa **1-800-952-8349**.

May Deadline ba sa Paghiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado?

Mayroon kayong 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na abiso ng desisyon ng county sa inyong apela upang humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado. Kung hindi kayo nakatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo, maaari kayong maghain ng kahilingan para sa Pormal na Pagdinig ng Estado anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Hinihintay Ko ang Desisyon ng Pormal na Pagdinig ng Estado?

Oo. Kung kayo ay kasalukuyang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at nais ninyong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyong ito habang hinihintay ang desisyon ng Pormal na Pagdinig ng Estado, kailangan kayong humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa kung kailan naipadala sa koreo (postmark) o naihatid sa inyo ang abiso ng desisyon sa apela. Bilang alternatibo, maaari kayong humiling ng pagdinig bago ang petsang itinakda ng inyong county na ihihinto o babawasan ang mga serbisyo.

Tandaan:

- Kapag humihiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado, kailangan ninyong isaad na nais ninyong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang isinasagawa ang proseso ng Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Kung humiling kayo na ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at kinumpirma ng pinal na desisyon ng Pormal na Pagdinig ng Estado ang pagbawas o paghinto ng serbisyong inyong tinatanggap, hindi kayo mananagot sa pagbabayad ng gastos para sa mga serbisyong naibigay habang nakabinbin pa ang Pormal na Pagdinig ng Estado.

Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Pormal na Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado, maaari itong umabot nang hanggang 90 araw bago kayo makakatanggap ng desisyon.

Maaari Ba Akong Mas Mabilis na Makakuha ng Pormal na Pagdinig ng Estado?

Kung sa palagay ninoy ay makasasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaaring makakuha kayo ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Maaari kayong humiling ng Pinabilis na Pormal na Pagdinig ng Estado sa alinman sa dalawang paraan: sumulat kayo mismo ng liham, o hilingin sa inyong general practitioner o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na sila ang sumulat ng liham para sa inyo. Dapat maglaman ang liham ng mga sumusunod na impormasyon:

1. Ipaliwanag nang detalyado kung paano ang paghihintay nang hanggang 90 araw bago mapagdesisyunan ang inyong kaso ay maaaring magdulot ng matinding pinsala sa inyong buhay, kalusugan, o sa inyong kakayahang makamit, mapanatili, o maibalik ang pinakamataas na antas ng paggana.
2. Humiling ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang sulat kasama ang inyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Rerepasuhin ng Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ng Kagawaran ng Panlipunang Serbisyo ang inyong kahilingan para sa isang pinabilis na Pormal na Pagdinig ng Estado at tutukuyin kung nakakatugon ito sa mga itinakdang pamantayan (criteria). Kung maaprubahan ang inyong kahilingan, itatakda ang isang pagdinig at gagawin ang

desisyon sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa kung kailan natanggap ng Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ang inyong kahilingan.

PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE)

Ano ang Paunang Direktiba?

May karapatan kayo para sa isang paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaari rin ninyong marinig kung minsan na ang isang paunang direktiba ay inilalarawan bilang living will o durable power of attorney. Naglalaman ito ng impormasyon kung paano ninyo gusto ibigay ang pangangalagang pangkalusugan, o kung anong mga desisyon ang gusto ninyong gawin para sa inyo, kung sakaling hindi na ninyo kayang magsalita para sa inyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipilian tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang inyong pagtatalaga ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang inyong mga personal na tagubilin para sa pangangalagang pangkalusugan.

Kinakailangang may nakahandang programa ang inyong county para sa paunang direktiba. Kinakailangang magbigay ang inyong county ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga patakaran nito sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kapag hiniling ninyo ang impormasyong ito. Kung gusto ninyong hilingin ang impormasyong ito, mangyaring tumawag sa numerong nakasaad sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kayong kumuha ng form para sa isang paunang direktiba mula sa inyong county o online. Sa California, may karapatan kayong magbigay ng mga tagubilin sa paunang direktiba para sa lahat ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan din kayong baguhin o kanselahin ang inyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa batas ng California kaugnay ng mga

kinakailangan sa paunang direktiba (advance directive), maaari kayong magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

Mga Responsibilidad ng County

Ano ang mga Responsibilidad ng Aking County?

Responsibilidad ng inyong county ang mga sumusunod:

- Pagtukoy kung natutugunan ninyo ang mga pamantayan upang ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county o sa provider network nito.
- Pagbibigay ng pagsusuri (screening) o pagtatasa upang matukoy kung kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Pagbibigay ng libreng numero ng telepono na sinasagot 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na makapagbibigay sa inyo ng impormasyon kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa county. Nakalista ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito.
- Tinitiyak na may sapat na mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa malapit para ma-access ninyo, kapag kinakailangan, ang mga serbisyong saklaw ng inyong county.
- Ipinapaalam at tinuturuan kayo tungkol sa mga serbisyong available mula sa inyong county.
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa inyong wika nang walang bayad, at kung kinakailangan, pagbibigay sa inyo ng interpreter nang libre.
- Pagbibigay sa inyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga serbisyong available sa iba pang wika o sa alternatibong anyo tulad ng Braille o malalaking print. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Inyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ipinapaalam sa inyo ang tungkol sa anumang mahahalagang pagbabago sa impormasyong nakasaad sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago simulan ang pagpapatupad nito. Itinuturing na makabuluhan ang isang pagbabago kapag may pagtaas o pagbaba sa dami o mga uri ng serbisyong

inaalok, kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa network, o kung may iba pang pagbabagong makakaaapekto sa mga benepisyong natatanggap ninyo mula sa county.

- Tinitiyak na maiuugnay ang inyong pangangalagang pangkalusugan sa iba pang plano o sistema na maaaring kakailanganin upang maging maayos ang paglipat/transisyon ng inyong pangangalaga. Kasama rito ang pagtiyak na ang anumang referral para sa mga espesyalista o iba pang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay nasusundan/naaasikaso nang maayos, at na handa ang bagong tagapagbigay ng serbisyo na alagaan kayo.
- Tinitiyak na maaari pa rin kayong patuloy na magpatingin sa kasalukuyan ninyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kahit na wala sila sa inyong network, sa loob ng partikular na panahon. Mahalaga ito lalo na kung ang paglipat ng tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring makasama sa inyong kalusugan o magpataas sa posibilidad na kakailanganin ninyong pumunta sa ospital.

Available ba ang Transportasyon?

Kung nahihirapan kayong pumunta sa inyong mga appointment para sa medikal o kalusugan ng pag-uugali, makakatulong ang programang Medi-Cal sa pag-aayos ng transportasyon para sa inyo. Dapat maglaan ng transportasyon para sa mga miyembro ng Medi-Cal na walang sariling transportasyon at may medikal na pangangailangan upang makatanggap ng mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. May dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Hindi Pang-medikal (Non-Medical): transportasyon gamit ang pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong wala nang ibang paraan upang makarating sa kanilang appointment.
- Hindi Pang-emergency na Medikal (Non-Emergency Medical): transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga pagpunta sa parmasya o sa pagkuha ng mga kinakailangang medikal na suplay, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan.

Kung may Medi-Cal kayo ngunit hindi naka-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, at kailangan ninyo ng hindi pang-medikal na transportasyon papunta sa isang serbisyo na naugnay sa kalusugan, maaari kayong direktang makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng hindi pang-medikal na transportation o sa inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para humingi ng tulong. Kapag nakipag-ugnayan kayo sa kompanya ng transportasyon, hihingin nila ang impormasyon tungkol sa petsa at oras ng inyong appointment.

Kung nangangailangan kayo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon, maaaring irekomenda ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ang serbisyong ito at ikokonekta kayo sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa transportasyon upang i-coordinate ang inyong biyahe papunta at pabalik mula sa inyong (mga) appointment.

Para sa karagdagang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, makipag-ugnayan sa inyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang mga Karapatan Ko bilang Tumatanggap ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali sa ilalim ng Medi-Cal?

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kayong tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na medikal na kinakailangan mula sa inyong county. Kapag ina-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, may karapatan kayong:

- Tratuhin nang may paggalang bilang tao, at igalang ang inyong dignidad at pagkapribado.
- Makatanggap ng malinaw at madaling nauunawaang paliwanag tungkol sa mga available na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na may kaugnayan sa inyong pangangalaga sa

kalusugan ng pag-uugali. Kasama rito ang karapatang tumanggi sa anumang paggamot na ayaw ninyong tanggapin.

- Kunin ang handbook na ito upang malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, obligasyon ng county, at ang inyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng inyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging ligtas at malaya mula sa anumang uri ng pagpipigil (restraint) o seklusyon na ipinapataw bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, para sa kaginhawaan, o bilang paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kondisyon na pang-emergency, agaran, o sa panahon ng krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap kayo ng mga nakasulat na materyal sa alternatibong format tulad ng Braille, malalaking print, at audio format sa napapanahong paraan.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata nito sa estado hinggil sa pagiging available, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Inaatasan ang county na:
    - Mag-hire o magkaroon ng nakasulat na mga kontrata sa sapat na bilang ng mga tagapagbigay ng serbisyo upang matiyak na ang lahat ng miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal na karapat-dapat para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay makakatanggap ng mga ito sa napapanahong paraan.
    - Saklawin sa napapanahong paraan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na wala sa network, kung walang empleyado o kontratadong tagapagbigay ng serbisyo ang county na makapagbibigay ng mga serbisyong iyon.

      Tandaan: Dapat tiyakin ng county na wala kayong babayarang anumang dagdag na gastos kapag kumonsulta sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng network. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang

impormasyon:

- Ang mga *serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na medikal na kinakailangan* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas ay mga serbisyo na makatuwiran at kinakailangan upang mapangalagaan ang buhay, maiwasan ang malulubhang karamdaman o matitinding kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan sa kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang tagapagbigay ng serbisyo na wala *network* ay isang tagapagbigay na wala sa listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng county.

- Kapag hiniling ninyo, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nasa network at wala sa network nang walang karagdagang gastos sa inyo.
- Tiyakin na ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay may sapat na pagsasanay upang maibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kanilang sinang-ayunang saklawin.
- Tiyakin na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugalli na saklaw ng county ay sapat ang dami, tagal ng panahon, at saklaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay nakabatay sa medikal na pangangailangan at na ginagamit nang patas ang mga pamantayan para sa pag-access.
- Tiyakin na ang mga tagapagbigay ng serbisyo nito ay nagsasagawa ng mga masusing pagtatasa at nakikipagtulungan sa inyo upang maitakda ang mga layunin ng paggamot.
- I-coordinate ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong

tinatanggap ninyo sa pamamagitan ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga o sa inyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
    - Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong may kakayahang tumugon sa iba't ibang kultura (culturally competent) para sa lahat, kabilang ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at may iba't ibang kultural at etnikong pinagmulan.
- Maipahayag ang inyong mga karapatan nang hindi ito nagdudulot ng anumang mapaminsalang pagbabago sa inyong paggamot.
- Makatanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa inyong mga karapatan na nakasaad sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas pederal at pang-estado, tulad ng:
    - Pamagat VI ng Civil Rights Act ng 1964, alinsunod sa mga regulasyong ipinatutupad sa 45 CFR bahagi 80.
    - Age Discrimination Act ng 1975, alinsunod sa mga regulasyong ipinatutupad sa 45 CFR bahagi 91.
    - Ang Rehabilitation Act ng 1973.
    - Pamagat IX ng Education Amendments ng 1972 (na may kaugnayan sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon).
    - Pamagat II at Pamagat III ng Americans with Disabilities Act.
    - Seksyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act (Affordable Care Act o ACA).
- Maaaring mayroon pa kayong karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado kaugnay ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Upang makontak ang Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng Pasyente ng inyong county, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong county sa pamamagitan ng numero ng teleponong nakalista sa pabalat ng handbook na ito.

Mga Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo

Anu-anong mga Karapatan ang Mayroon Ako kung Tatanggihan ng County ang mga Serbisyong Gusto Ko o sa Palagay Ko ay Kailangan Ko?

Kung tatanggihan, lilimitahan, babawasan, ipagpapaliban, o ipahihinto ng inyong county ang isang serbisyo na sa tingin ninyo ay kailangan ninyo, may karapatan kayong makatanggap ng nakasulat na abiso mula sa county. Ang abisong ito ay tinatawag na "Mga Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo". May karapatan din kayong tutulan ang desisyon sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Ipinapaalam sa inyo ng mga seksyon sa ibaba ang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo at kung ano ang gagawin kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng county.

Ano ang Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo?

Ang Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo ay tumutukoy sa alinman sa mga sumusunod na aksyon na ginawa ng county:

- Ang pagtanggi o pagbibigay lamang ng limitadong awtorisasyon para sa serbisyong inyong hiniling. Kabilang dito ang mga desisyong nakabatay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, pagiging angkop, setting, o ang pagiging epektibo ng isang benepisyong saklaw;
- Ang pagbabawas, suspensyon, o pagwawakas ng serbisyong dati nang binigyan ng awtorisasyon;
- Ang pagtanggi, sa kabuuan o bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
- Ang hindi pagbibigay ng mga serbisyo sa napapanahong paraan;
- Ang hindi pagkilos sa loob ng mga itinakdang timeframe para sa karaniwang pagresolba ng mga hinaing at apela. Ang mga kinakailangang timeframe ay ang mga sumusunod:
    - Kung maghahain kayo ng hinaing sa county at hindi kayo binalikan ng county ng nakasulat na desisyon tungkol sa inyong hinaing sa loob ng 30 araw.

    - Kung maghahain kayo ng apela sa county at hindi kayo binalikan ng county ng nakasulat na desisyon tungkol sa inyong apela sa loob ng 30 araw.
    - Kung naghain kayo ng pinabilis na apela at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtanggi sa kahilingan ng miyembro na kuwestiyunin o tutulan ang pinansyal na pananagutan.

Ano ang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo?

Ang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa inyo ng inyong county kung magpapasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, ipagpaliban, o ihinto ang mga serbisyong pinaniniwalaan ninyo at ng inyong tagapagbigay ng serbisyo na dapat ninyong matanggap. Ipapaliwanag sa abiso ang prosesong ginamit ng county sa paggawa ng desisyon at maglalaman ng paglalarawan ng mga pamantayan o alituntuning ginamit upang matukoy kung ang serbisyo ay medikal na kinakailangan.

Kabilang dito ang pagtanggi sa mga sumusunod:

- Pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi nasasaklaw.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi itinuturing na medikal na kinakailangan.
- Mga claim para sa mga serbisyong galing sa maling sistema ng paghahatid ng serbisyo.
- Isang kahilingan na kuwestiyunin o tutulan ang pinansyal na pananagutan.

Tandaan: Ginagamit din ang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo upang ipaalam sa inyo kung ang inyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolba sa itinakdang panahon, o kung hindi kayo nakatanggap ng mga serbisyo sa loob ng mga timeline standard ng county para sa pagbibigay ng serbisyo.

Timing ng Abiso

Dapat ipadala ng county sa koreo ang abiso:

- Sa miyembro, hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dati nang pinahintulutang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro, sa loob ng dalawang araw ng trabaho mula sa desisyon hinggil sa pagtanggi sa pagbabayad o mga desisyong nagreresulta sa pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng kabuuan o bahagi ng mga hiniling na serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.

Palagi ba Akong Makakatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Natatanggap ang mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kayong makatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo. Kung hindi kayo nakatanggap ng abiso, maaari kayong magsumite ng apela sa county, o kung nakumpleto na ninyo ang proseso ng apela, maaari kayong humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan kayo sa inyong county, isaad na nakaranas kayo ng isang Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo pero walang natanggap na abiso. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado ay nakapaloob sa handbook na ito at dapat ding maging available sa tanggapan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo.

Ano ang Ipapaalam sa Akin ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo?

Ipapaalam sa inyo ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo ang mga sumusunod:

- Kung ano ang ginawa ng inyong county na nakaaapekto sa inyo at sa kakayahan ninyong makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magkakaroon ng bisa ang desisyon at ang dahilan ng desisyon.
- Kung ang dahilan ng pagtanggi ay dahil hindi itinuturing na medikal na kinakailangan ang serbisyo, isasama sa abiso ang malinaw na paliwanag kung

bakit ginawa ng county ang desisyong ito. Kasama sa paliwanag na ito ang mga partikular na klinikal na dahilan kung bakit hindi itinuturing na medikal na kinakailangan para sa inyo ang serbisyong ito.

- Ang mga alituntunin ng estado o pederal na naging batayan ng desisyon.
- Ang inyong mga karapatan na maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.
- Kung paano makakakuha ng mga kopya ng mga dokumento, rekord, at iba pang impormasyong may kaugnayan sa desisyon ng county.
- Kung paano maghain ng apela sa county.
- Kung paano humiling ng Pormal na Pagdinig ng Estado kung hindi kayo nasiyahan sa desisyon ng county tungkol sa inyong apela.
- Kung paano humiling ng isang pinabilis na apela o pinabilis na Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Kung paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o sa paghiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal ang palugit para maghain ng apela o humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado.
- Ang inyong karapatan na ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay ang desisyon sa apela o sa Pormal na Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung sasagutin ba ng Medi-Cal ang gastos para sa mga serbisyong ito.
- Kapag kailangan ninyong maghain ng inyong apela o kahilingan sa Pormal na Pagdinig ng Estado kung nais ninyong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo?

Kapag nakatanggap kayo ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo, dapat ninyong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyong nakasaad sa abiso. Kung hindi ninyo nauunawaan ang abiso, maaari kayong tulungan ng inyong county. Maaari rin kayong humingi ng tulong sa ibang tao para tulungan kayo.

Maaari kayong humiling na ipagpatuloy ang serbisyong inihinto kapag magsusumite kayo ng apela o humiling ng isang Pormal na Pagdinig ng Estado. Dapat kayong humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan naipadala sa koreo (postmarked) o naihatid sa inyo ang Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo, o bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Pagtanggap ng Aking mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako sa Desisyon ng Apela?

Oo, maaari ninyong patuloy matatanggap ang inyong mga serbisyo habang naghihintay sa paglabas ng desisyon. Ibig sabihin nito, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagpapatingin sa inyong tagapagbigay ng serbisyo at patuloy na matatanggap ang pangangalagang kailangan ninyo.

Ano ang Kailangan Kong Gawin Para Maipagpatuloy Ko ang Pagtanggap ng Aking mga Serbisyo?

Kailangan ninyong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Humiling kayong ipagpatuloy ang pagtanggap ng serbisyo sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala ng county ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo, o bago ang petsang sinabi ng county na ihihinto ang serbisyo, alinman sa petsa ang mas huli.
- Naghain kayo ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsang nakasaad sa Abiso ng Hindi Kanais-nais na Desisyon sa Benepisyo.
- Ang apela ay tungkol sa pagpapahinto, pagbabawas, o pagsuspinde ng isang serbisyong tinatanggap na ninyo.
- Sumang-ayon ang inyong provider na kailangan ninyo ang serbisyong ito.
- Hindi pa nagtatapos ang panahong inaprubahan ng county para sa serbisyong ito.

Paano Kung Magdesisyon ang County Pagkatapos ng Apela na Hindi Ko Na Kailangan ang Serbisyo?

Hindi ninyo kinakailangang magbayad para sa mga serbisyong natanggap ninyo habang nakabinbin ang apela.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ano ang mga responsibilidad ko bilang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalagang maunawaan ninyo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county upang makuha ninyo ang pangangalagang inyong kailangan. Mahalaga rin na:

- Pumunta sa inyong mga naka-iskedyul na paggamot. Magkakaroon kayo ng pinakamagandang resulta kung makikipagtulungan kayo sa inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pagbuo ng mga layunin para sa inyong paggamot at susundin ninyo ang mga layuning iyon. Kung kailangan ninyong lumiban sa inyong appointment, tumawag sa inyong tagapagbigay ng serbisyo nang hindi lalampas sa 24 na oras bago ang nakatakdang oras, at magpa-reschedule para sa ibang araw at oras.
- Laging dalhin ang inyong Benefits Identification Card (BIC) ng Medi-Cal at isang photo ID kapag pupunta kayo sa inyong paggamot.
- Ipaalam sa inyong tagapagbigay ng serbisyo kung kailangan ninyo ng interpreter bago ang inyong appointment.
- Sabihin sa inyong tagapagbigay ng serbisyo ang lahat ng inyong mga medikal na alalahanin. Kapag mas kumpleto ang impormasyong ibinabahagi ninyo tungkol sa inyong mga pangangailangan, mas magiging epektibo at matagumpay ang inyong paggamot.
- Tiyaking itanong sa inyong tagapagbigay ng serbisyo ang anumang katanungan na mayroon kayo. Napakahalaga na lubos ninyong nauunawaan ang impormasyong natatanggap ninyo sa panahon ng inyong pagpapagamot.
- Sundin ang mga napagkasunduang hakbang (action steps) na pinlano ninyo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo.

- Makipag-ugnayan sa county kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong mga serbisyo, o kung may problema kayo sa inyong tagapagbigay ng serbisyo na hindi ninyo magawang lutasin.
- Ipaalam sa inyong tagapagbigay ng serbisyo at sa county kung may anumang pagbabago sa inyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang inyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa kakayahan ninyong makilahok sa paggamot.
- Tratuhin nang may paggalang ang mga kawani na nagbibigay ng inyong paggamot.
- Kung pinaghihinalaan ninyo na may panloloko o maling gawain, ireport ito:
    - Hinihiling ng Department of Health Care Services (DHCS) na ang sinumang naghihinalang may panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabusong nangyayari sa sa Medi-Cal ay tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa palagay ninyo ay emergency ito, manyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at maaaring manatiling anonymous ang tumatawag.
    - Maaari rin ninyong ireport ang pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx.

Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga taong naka-enroll sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad para sa mga medikal na serbisyo o serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Sa ilang pagkakataon, maaaring kailangan ninyong magbayad para sa mga medikal na serbisyo at/o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali depende sa halaga ng perang natatanggap o kinikita mo bawat buwan.

- Kung ang inyong kita ay mas mababa sa itinakdang limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng inyong pamilya, hindi ninyo kailangang magbayad para sa mga medikal na serbisyo o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Kung ang inyong kita ay mas malaki kaysa sa limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng inyong pamilya, maaaring kailangan ninyong magbayad ng ilang halaga

para sa inyong mga medikal na serbisyo o serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Ang halagang babayaran ninyo ay tinatawag na 'share of cost o bahagi ng gastusin'. Kapag nabayaran na ninyo ang inyong 'bahagi sa gastusin', babayaran ng Medi-Cal ang natitirang saklaw na gastusing medikal para sa buwang iyon. Sa mga buwang wala kang medikal na gastusin, wala kang kailangang bayaran.

- Maaaring kailangan ninyong magbayad ng 'co-payment' o para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin nito, kailangan ninyong magbayad mula sa sariling bulsa sa tuwing tatanggap kayo ng medikal na serbisyo o pupunta sa emergency room ng ospital para sa inyong mga regular na serbisyo.
- Sasabihin sa inyo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo kung kailangan ninyong mag-co-payment.

ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Ang County ng Los Angeles ay sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang County ng Los Angeles ay hindi nangdidiskrimina, nagbubukod, o tinatrato ang mga tao nang iba dahil sa kanilang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno (ancestry), bansang pinagmulan (national origin), pagkakakilanlan sa etnikong grupo, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyong sa genetics, katayuang sibil, kasarian (gender), pagkakakilanlan ng kasarian (gender identity), o oryentasyong sekswal.

Nagbibigay ang Los Angeles County ng:

- Libreng tulong at mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan upang tulungan silang makipag-ugnayan nang mas mapabuti, tulad ng:
    - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
    - Nakasulat na impormasyon sa ibang format, (malalaking print, braille, audio, o mga naa-access na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
    - Mga kwalipikadong interpreter
    - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa county 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-854-7771. O, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY: 711. Kapag hiniling, maaaring maging available para sa inyo ang dokumentong ito asa braille, malalaking print, audio, o mga naa-access na elektronikong format.

PAANO MAGHAHAIN NG HINAING

Kung naniniwala kayong nabigo ang County ng Los Angeles na ibigay ang mga serbisyong ito o kaya ay labag sa batas na nagdiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno (ancestry), bansang pinagmulan, pagkakakilanlan sa etnikong grupo, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyon sa genetics, katayuang sibil, kasarian (gender), pagkakakilanlan ng kasarian (gender identity), o oryentasyong sekswal, maaari kayong magsumite ng hinaing sa County ng Los Angeles. Maaari kayong magsumite ng hinaing sa pamamagitan ng telepono, sa sulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip

- Sa telepono: Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Karapatan ng Pasyente Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Department of Mental Health Patients' Rights Office) mula 8:30 am hanggang 5:00 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 700-9996 o (213) 738-4888. O, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa (TTY: 711).

- Sa pamamagitan ng sulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

  Tanggapan ng mga Karapatan ng Pasyente Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Department of Mental Health Patients' Rights Office)
  510 South Vermont Avenue, 21st Floor, Los Angeles, CA 90020

- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng inyong doktor o sa Los Angeles County Department of Mental Health sa 510 South Vermont Avenue, Los Angeles, CA 90020, at sabihin na gusto ninyong maghain ng hinaing.

- Sa Elektronikong Paraan: Bisitahin ang website ng Tanggapan ng mga Karapatan ng Pasyente Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Department of Mental Health Patients' Rights Office) sa https://dmh.lacounty.gov/our-services/patients-rights/

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-aabuso sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-aabuso sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya sa pagitan ng 8:00 am hanggang 5:00 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa (626) 299-4532 o (888) 742-7900, pindutin ang 2. O, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa (TTY: 711).

Z

- Sa pamamagitan ng sulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat ng isang liham at ipadala ito sa:
  Substance Abuse Prevention and Control, Contracts and Compliance Branch
  1000 South Fremont Avenue, Building A9 East, 3rd Floor, Box 34, Alhambra, California 91803
- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng inyong doktor o ang Substance Abuse Prevention and Control sa 1000 South Fremont Avenue, Building A9 East, Alhambra, California 91803, at sabihin na gusto ninyong maghain ng isang hinaing.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang page ng Impormasyon at mga Mapagkukunan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-aabuso sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya sa http://ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari rin kayong maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California Tanggapan ng mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, ng sulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pamamagitan ng sulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

  Department of Health Care Services
  Office of Civil Rights
  P.O. Box 997413, MS 0009
  Sacramento, CA 95899-7413

  Available ang mga form para sa pagrereklamo sa:

  https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures

- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

<u>TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL</u> – KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT SERBISYONG PANTAO NG U.S.

Kung kayo ay naniniwalang nadiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari rin kayong maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. – Tanggapan ng mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa sulat, o sa elektronikong paraan:

- <u>Sa pamamagitan ng telepono</u>: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa

  TTY/TDD 1-800-537-7697.

- <u>Sa pamamagitan ng sulat</u>: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

  U.S. Department of Health and Human Services
  200 Independence Avenue, SW
  Room 509F, HHH Building

  Washington, D.C. 20201

- Available ang mga form para sa pagrereklamo sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Complaint Portal ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf

ABISO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY

Available ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng county para mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng mga medikal na rekord at ibibigay sa inyo kapag hiniling.

Kung nasa tamang edad na kayo at may kakayahang magbigay ng pahintulot para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, hindi na ninyo kailangang kunin ang pahintulot ng sinumang iba pang miyembro upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o upang magsumite ng claim para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Maaari ninyong hilingin sa inyong county na ipadala ang mga komunikasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na inyong pipiliin. Ito ay tinatawag na “kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon.” Kung pumayag kayo sa pangangalaga, hindi ibibigay ng county ang impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa sinuman nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo. Kung hindi kayo magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang county ng mga komunikasyon sa inyong pangalan sa address o numero ng telepono na nasa file.

Igagalang ng county ang inyong mga kahilingan na makatanggap ng kumpidensiyal na komunikasyon sa form at format na inyong hiniling. O titiyakin nila na ang inyong mga komunikasyon ay madaling maibigay sa form at format na inyong hiniling. Ipapadala ng county ang mga ito sa iba pang lokasyon na inyong pipiliin. Mananatiling may bisa ang inyong kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite kayo ng bagong kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon.

Maaari kayong humiling ng Mga Kumpidensiyal na Komunikasyon mula sa alinmang tagapagbigay ng serbisyo o pasilidad ng LACDMH o SAPC na nagbibigay sa inyo ng paggamot. Hindi mo kailangang magbigay ng anumang paliwanag para sa kahilingan.

Makikita sa website ng county ang pahayag ng mga patakaran at pamamaraan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para protektahan ang inyong medikal na impormasyon (tinatawag na “Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy”):

- Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles: https://dmh.lacounty.gov/our-services/consumer-and-family-affairs/privacy/
- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-aabuso sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substansya: http://ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

988 Suicide and Crisis Lifeline: Isang numero ng telepono na nagbibigay ng libre at kumpidensiyal na suporta para sa mga taong dumaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang mga saloobin ng pagpapakamatay. Available ito 24/7 upang ikonekta ang mga tumatawag sa mga sinanay na tagapayo na maaaring magbigay ng tulong at suporta.

Administratibong hukom ng batas: Isang hukom na nakikinig at nagpapasya sa mga kasong may kinalaman sa hindi kanais-nais na desisyon tungkol sa mga benepisyo.

American Society of Addiction Medicine (ASAM): Isang propesyonal na medikal na lipunan na kumakatawan sa mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na dalubhasa sa paggamot ng adiksyon. Ang organisasyong ito ang bumuo ng ASAM Criteria, na nagsisilbing pambansang hanay ng mga pamantayan para sa paggamot sa adiksyon.

Resolusyon ng apela: Ang proseso ng paglutas ng hindi pagkakasunduan na mayroon kayo tungkol sa desisyong ginawa ng county hinggil sa saklaw ng isang hiniling na serbisyo. Sa mas simpleng termino: Ito ang paraan para tingnang muli ang isang desisyong hindi mo sinasang-ayunan.

Application Programming Interfaces (APIs): Ang APIs ay parang mga messenger na nagpapahintulot sa iba’t ibang software program na “mag-usap” sa isa’t isa at magbahagi ng impormasyon.

Pagtatasa: Isang aktibidad ng serbisyo na idinisenyo upang suriin ang kasalukuyang kalagayan ng kalusugan ng pag-iisip, emosyon, o pag-uugali.

Awtorisasyon: Pagbibigay ng pahintulot o pag-apruba.

Awtorisadong kinatawan: Isang taong legal na pinahihintulutang kumilos para sa ibang tao.

Kalusugan ng Pag-uugali: Tumutukoy sa ating emosyonal, sikolohikal, at panlipunang kagalingan. Sa mas simpleng termino: Tungkol ito sa kung paano tayo mag-isip, nakararamdam, at nakikisalamuha sa iba.

Mga Benepisyo: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na sinasaklaw ng planong pangkalusugan na ito.

Benefits Identification Card (BIC): Isang ID card na ginagamit para i-verify ang inyong Medi-Cal health insurance.

Mga Serbisyo para sa Koordinasyon ng Pangangalaga: Tinutulungan ang mga tao na makapag-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Tagapangalaga (Caregiver): Isang taong nagbibigay ng pangangalaga at suporta sa ibang taong nangangailangan ng tulong.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nars o social worker na makakatulong sa miyembro na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at maisaayos ang pangangalaga kasama ang mga tagapagbigay ng serbisyo ng miyembro.

Pamamahala ng kaso: Isang serbisyo na tumutulong sa mga miyembro na ma-access ang kinakailangang serbisyong medikal, pang-edukasyon, panlipunan, pang-rehabilitasyon, o iba pang serbisyong pangkomunidad. Sa madaling salita, nakakatulong ito sa mga tao na makuha ang pangangalaga at suportang kailangan nila.

CHIP (Children's Health Insurance Program): Isang programang pampamahalaan na tumutulong sa mga pamilya na magkaroon ng health insurance para sa kanilang mga anak kung hindi nila ito kayang tustusan.

Coordinator sa Karapatang Sibil: Tinitiyak na ang isang organisasyon (tulad ng paaralan, kompanya, o ahensya ng pamahalaan) ay sumusunod sa mga batas na nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon.

Nakabatay sa kliyente: Isang bagay na nakatuon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng kliyente.

Mga organisasyong nakabatay sa komunidad: Mga grupo ng tao na nagtutulungan upang mapabuti ang kanilang komunidad.

Community-Based Adult Services (CBAS): Mga outpatient na serbisyong nakabatay sa pasilidad para sa dalubhasang pangangalaga, mga serbisyong panlipunan, therapy,

personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta para sa pamilya at tagapangalaga, serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang kaugnay na serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Pag-stabilize na nakabatay sa komunidad: Tumutulong sa mga taong dumaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip na makakuha ng suporta sa loob ng sarili nilang komunidad sa halip na dalhin sa isang ospital.

Pagpapatuloy ng serbisyo: Tingnan ang pagpapatuloy ng pangangalaga.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng miyembro ng plano na ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyong Medi-Cal mula sa dati na nilang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network nang hanggang 12 buwan, kung magkakasundo ang tagapagbigay ng serbisyo at ang county.

Copayment (co-pay): Isang bayad na ginagawa ng miyembro, karaniwan sa panahon ng serbisyo, bukod pa sa bayad na sasagutin ng insurer.

Mga Sinasaklaw na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan responsibilidad ng county ang pagbabayad. Ang mga sinasaklaw na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at eksklusyon na nakasaad sa kontrata ng Medi-Cal, sa anumang pag-amyenda ng kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (na tinatawag ding Pinagsamang Katibayan ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagsisiwalat).

Mga serbisyong may kakayahang tumugon sa iba't ibang kultura (culturally competent services): Nagbibigay ng mga serbisyo nang may paggalang at tumutugon sa kultura, wika, at mga pinaniniwalaan ng isang tao.

(Mga) itinalagang tao para sa makabuluhang suporta **(Designated significant support person/s): (**Mga) taong itinuturing ng miyembro o ng tagapagbigay ng serbisyo na mahalaga sa tagumpay ng paggamot. Maaaring kabilang dito ang mga magulang o legal na tagapag-alaga ng isang menor de edad, sinumang nakatira sa parehong sambahayan, at iba pang kamag-anak ng miyembro.

DHCS: Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services). Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

Diskriminasyon: Ang hindi patas o hindi pantay na pagtrato sa isang tao batay sa kanyang lahi, kasarian, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kapansanan, o iba pang katangian.

Maaga at pana-panahong pagsusuri, diagnostic, at paggamot (early and periodic screening, diagnostic, and treatment o EPSDT): Pumunta sa “Medi-Cal para sa mga Bata at Tin-edyer.”

Mga serbisyo sa paggamot na nakabatay sa pamilya (Family-based treatment services): Nagbibigay ng suporta at paggamot sa mga bata at sa kanilang pamilya upang matugunan ang mga hamon sa kalusugan ng pag-iisip sa loob ng tahanan.

Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya (Family planning services): Mga serbisyong tumutulong upang maiwasan o maantala ang pagbubuntis. Ibinibigay ang mga serbisyo sa mga miyembrong nasa edad na maaaring magkaanak upang matulungan silang magpasya sa bilang ng magiging anak at sa agwat ng pagitan ng mga anak.

Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal: Isang modelo ng pagbabayad kung saan ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ay binabayaran sa bawat indibidwal na serbisyong ibinibigay nila sa pasyente, sa halip na isang buwanan o taunang bayad kada pasyente. Sinasaklaw ang Medi-Cal Rx sa ilalim ng programang ito.

Pinansyal na pananagutan (Financial liability): Pagiging responsable sa pagbabayad ng isang utang o gastos.

Foster home: Isang sambahayan na nagbibigay ng 24 na oras ng pansamantalang pangangalaga para sa mga batang nahiwalay sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

Panloloko (Fraud): Isang sinadyang kilos ng panloloko o maling representasyon na ginawa ng isang tao kung saan alam niyang ang naturang panloloko o maling representasyon ay maaaring magdulot ng hindi awtorisadong benepisyo para sa kanilaang mga sarili o para sa iba.

Full-Scope Medi-Cal (Kumpletong Saklaw ng Medi-Cal): Isang programang nagbibigay ng libre o murang gastos na pangangalagang pangkalusugan para sa mga tao sa California kung saan nagbibigay ng higit pa sa pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay ito ng serbisyong medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, pagpaplano ng pamilya, at pangangalaga sa paningin (mata). Sinasaklaw din nito ang paggamot para sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng ipinagbabawal na gamot, gamot na inireseta ng inyong doktor, at marami pa.

Hinaing: Pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng kawalang kasiyahan ng isang miyembro tungkol sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal, isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, isang county, o isang tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal. Ang hinaing ay katumbas ng isang reklamo.

Tagapag-alaga: Isang taong may legal na responsibilidad sa pag-aalaga at kapakanan ng ibang tao, karaniwan ay isang bata o isang taong hindi kayang alagaan ang sarili.

Ospital: Isang pasilidad kung saan ang miyembro ay tumatanggap ng pangangalaga para sa inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nars.

Pagpapa-ospital: Pagkaka-admit sa ospital para magpaggamot bilang isang inpatient.

Mga Indian Health Care Provider (IHCP): Isang programang pangkalusugan na pinatatakbo ng Indian Health Service (IHS), isang Indian Tribe, Tribal Health Program, Tribal Organization, o Urban Indian Organization (UIO) kung saan ang mga terminong iyon ay tinukoy sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. seksyon 1603).

Paunang Pagtatasa (Initial Assessment): Isang pagsusuri sa miyembro upang matukoy kung may pangangailangan para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o paggamot para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Inpatient Detoxification: Isang boluntaryong medikal na serbisyo ng agarang pangangalaga (acute care) na nakatuon sa detoxification para sa mga miyembrong may malulubhang medikal na komplikasyon na kaugnay ng mga sintomas ng withdrawal.

Integrated Core Practice Model: Isang gabay na nagbabalangkas ng mga pagpapahalaga, pamantayan, at kasanayan sa pagtatrabaho kasama ang mga bata, kabataan, at pamilya sa California.

Lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip: Sinumang tagapagbigay ng serbisyo na may lisensya alinsunod sa naaangkop na batas ng Estado ng California, tulad ng mga sumusunod: lisensyadong doktor, lisensyadong psychologist, lisensyadong clinical social worker, lisensyadong propesyonal na clinical counselor, lisensyadong therapist sa pag-aasawa at pamilya, rehistradong nars, lisensyadong vocational nurse, at lisensyadong psychiatric technician.

Lisensyadong psychiatric hospital: Isang pasilidad ng paggamot para sa kalusugan ng pag-iisip na lisensyadong magbigay ng 24 na oras na pangangalaga sa inpatient para sa mga taong may sakit sa pag-iisip, walang kakayahan (incompetent), o maaaring maging mapanganib sa sarili o sa iba.

Lisensyadong residensyal na pasilidad: Mga pasilidad na nagbibigay ng serbisyong residensyal na hindi medikal para sa mga nasa hustong gulang na nagpapagaling mula sa mga problemang maykaugnayan sa alak o iba pang ipinagbabawal na gamot (alcohol or other drug, AOD).

Pinamamahalaang plano ng pangangalaga (managed care plan): Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng mga partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon.

Medi-Cal: Bersyon ng pederal na programang Medicaid ng California. Nag-aalok ang Medi-Cal ng libre at murang health coverage para sa mga kwalipikadong taong naninirahan sa California.

Medi-Cal para sa mga Bata at Kabataan: Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang, upang matulungan silang manatiling malusog. Dapat tumanggap ang mga miyembro ng mga tamang health check-up ayon sa kanilang edad at ng mga angkop na pagsusuri (screening) upang matukoy ang mga problemang pangkalusugan at magamot ang mga karamdaman nang mas maaga. Dapat din silang makatanggap ng paggamot upang maalagaan o matugunan ang mga kondisyon na maaaring matuklasan sa mga check-up. Ang benebisyong ito ay kilala rin bilang Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT) na benepisyo alinsunod sa pederal na batas.

Espesyalista sa Suporta Mula sa Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Specialist): Isang indibidwal na may personal na karanasan (lived experience) sa kalusugan ng pag-uugali o sa mga kondisyon na nauugnay sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya at nasa pagpapagaling, na nakumpleto ang mga kinakailangan para sa programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng county, na sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o naka-rehistro sa Estado.

Medi-Cal Rx: Isang serbisyon g benepisyo sa parmasya na bahagi ng FFS Medi-Cal at kilala bilang “Medi-Cal Rx.” Nagbibigay ito ng mga benepisyo at serbisyong pang-parmasya, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na suplay para sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal.

Medikal na kinakailangan (o pangangailangang medikal): Para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas, itinuturing ang isang serbisyo na medikal na kinakailangan kapag ito ay makatuwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, maiwasan ang malubhang karamdaman o malaking kapansanan, o mapagaan ang matinding pananakit. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay itinuturing na medikal na kinakailangan kung ito ay para itama o mapabuti (ameliorate) ang isang sakit sa pag-iisip o kondisyon na natuklasan sa pamamagitan ng isang serbisyo ng pagsusuri (screening).

Medication Assisted Treatment (MAT): Ang paggamit ng gamot na inaprubahan ng FDA kasabay ng pagpapayo o mga therapy sa pag-uugali upang makapagbigay ng komprehensibong “whole-patient” na diskarte sa paggamot sa sakit ng paggamit ng ipinagbabawal na substansya.

Miyembro: Isang indibidwal na naka-enroll sa programa ng Medi-Cal.

Krisis sa kalusugan ng pag-iisip: Kapag ang isang tao ay nasa sitwasyon kung saan ang kanyang mga kilos o sintomas ay naglalagay sa sarili o sa iba sa panganib at nangangailangan ng agarang atensyon.

Plano para sa kalusugan ng pag-iisip: Ang bawat county ay may plano para sa kalusugan ng pag-iisip na responsable sa pagbibigay o pag-aayos ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa kanilang county.

Network: Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na may kontrata sa county upang magbigay ng pangangalaga.

Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon: Transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van, para sa mga taong hindi kayang gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon dahil sa kanilang medikal na kondisyon.

Hindi pang-medikal na transportasyon: Transportasyon papunta sa at pauwi ng mula sa appointment para sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na binigyang awtorisasyon ng tagapagbigay ng serbisyo ng miyembro, at kapag kumukuha ng mga iniresetang gamot (prescriptions) at medikal na suplay.

Tanggapan ng Ombudsman: Tumutulong na lutasin ang mga problema sa neutral na pananaw upang matiyak na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng medikal na kinakailangan at saklaw na serbisyo na pananagutang ibigay ng mga plano ayon sa kanilang kontrata.

Out-of-home placement: Pansamantala o permanenteng pag-alis ng isang bata mula sa kanilang tahanan upang mailipat sa mas ligtas na kapaligiran tulad ng sa isang foster family o sa group home.

Wala sa network na tagapagbigay ng serbisyo: Isang tagapagbigay ng serbisyo na hindi kabilang sa kinontratang network ng county.

Mula sa sariling bulsa: Personal na gastos ng miyembro upang makatanggap ng mga saklaw na serbisyo. Kabilang dito ang mga premium, copay, o anumang karagdagang gastos para sa mga saklaw na serbisyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient: Mga serbisyo sa outpatient para sa mga miyembrong may hindi gaanong malubha hanggang sa katamtamang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na isinaad ito para masuri ang isang kondisyon na nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo sa outpatient para sa layunin ng pagsubaybay ng therapy gamit ang gamot
- Konsultasyon sa Psychiatrist
- Mga laboratoryo, suplay, at supplement para sa outpatient

Kalahok na tagapagbigay ng serbisyo (lumalahok na doktor): Isang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa county upang magbigay ng mga serbisyong saklaw sa mga miyembro sa oras na tumatanggap ng pangangalaga ang miyembro.

Pagbuo ng plano (Plan development): Isang aktibidad sa serbisyo na binubuo ng pagdebelop ng mga plano ng kliyente, pag-apruba ng mga planong ito, at/o pagsubaybay sa progreso ng miyembro.

Mga inireresetang gamot: Mga gamot na legal na nangangailangan ng reseta/order mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo bago ito maibigay, hindi tulad ng mga over-the-counter (OTC) na gamot na hindi nangangailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Kilala rin bilang “nakagawiang pangangalaga o routine care”. Kabilang dito ang mga medikal na kinakailangang serbisyo at pang-iwas na

pangangalaga, gaya ng mga well-child visit, o pangangalagang tulad ng karaniwang pag-follow up. Ang layunin ng mga serbisyong ito ay maiwasan ang mga problemang pangkalusugan.

Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP): Ang lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo na pinupuntahan ng miyembro para sa karamihan ng kanilang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan nila. Ang PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN
- Indian Health Care Provider (IHCP)
- Federally Qualified Health Center (FQHC)
- Rural Health Clinic (RHC)
- Nurse practitioner
- Physician assistant/Assistant ng doktor
- Klinika

Paunang awtorisasyon (paunang pag-apruba): Ang prosesong kailangang pagdaanan kung saan ang miyembro o ang kanilang tagapagbigay ng serbisyo ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa county para sa ilang serbisyo upang matiyak na sasaklawin ito ng county. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang awtorisasyon ay kapareho ng paunang pag-apruba (pre-approval).

Palutas ng Problema: Ang prosesong nagbibigay-daan sa isang miyembro na maresolba ang isang problema o alalahanin tungkol sa anumang isyung may kaugnayan sa mga responsibilidad ng county, kabilang ang pagbibigay o paghahatid ng mga serbisyo.

Direktoryo ng Tagapagbigay ng serbisyo: Isang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa network ng county.

Medikal na kondisyon na may kaugnayan sa psychiatric emergency: Isang sakit sa pag-iisip kung saan malubha o malala ang mga sintomas na nagdudulot ng agarang panganib sa miyembro o sa ibang tao, o kaya naman hindi na kaya ng miyembro na alagaan ang sarili—hindi na siya nakakakain nang maayos, walang matutuluyan, o hindi na kayang asikasuhin ang sariling damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

Sikolohikal na pagsusuri (Psychological testing): Isang pagsusuri na tumutulong upang maunawaan ang mga saloobin, nararamdaman, at pag-uugali ng isang tao.

Referral: Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na maaari silang tumanggap ng pangangalaga mula sa ibang tagapagbigay ng serbisyo. Ang ilang serbisyong saklaw ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Mga serbisyo at device na rehabilitative at habilitative therapy: Mga serbisyo at device na tumutulong sa mga miyembrong may pinsala, kapansanan, o malubhang kondisyon (chronic condition) na makamit o mabawi ang mga pisikal na kasanayan at kasanayan ng pag-iisip.

Mga serbisyo ng residential shelter: Nagbibigay ng pansamantalang matutuluyan at suporta sa mga taong walang tirahan (homeless) o dumaranas ng krisis sa pabahay.

Pagsusuri (screening): Isang mabilis na pagsusuri na isinasagawa upang matukoy kung alin ang pinakaangkop na mga serbisyo.

Bahagi ng gastusin (share of cost): Ang halagang kailangang bayaran muna ng miyembro para sa kanilang mga medikal na gastusin bago magbayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyo.

Malubhang emosyonal na kaguluhan (mga problema): Tumutukoy sa malubhang sakit o kondisyon sa pag-iisip, pag-uugali, o emosyon sa mga bata at kabataan na nakaaapekto sa kanilang kakayahang gumanap at mamuhay nang maayos sa tahanan, paaralan, o komunidad.

Espesyalista (o specialty doctor): Isang doktor na gumagamot ng partikular na mga uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay gumagamot ng baling buto; ang allergist ay gumagamot ng allergy; at ang cardiologist ay gumagamot ng mga problema sa puso. Kadalasan, kailangan ng miyembro ng referral mula sa kanilang PCP upang makapagpatingin sa isang espesyalista.

Mga espesyal na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip (Specialty Mental Health Services, SMHS): Mga serbisyong ibinibigay para sa mga miyembrong may pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas kaysa sa mild hanggang sa katamtamang antas ng kapansanan (impairment).

Nakabatay sa lakas: Tinitingnan ang mga bagay na kayang gawin ng isang tao, sa halip na magpokus lamang sa kanilang mga problema.

Mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substansya: Mga serbisyong tumutulong sa mga taong nahihirapan sa pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot o alak.

Telehealth: Isang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan gamit ang teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon upang mapadali ang pangangalaga sa kalusugan ng pasyente.

Trauma: Isang malalim na emosyonal at sikolohikal na distress na dulot ng karanasan o pagiging saksi sa isang nakakatakot na pangyayari.

Trauma-informed na mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip: Kinikilala ng mga serbisyong ito na maraming tao na nahihirapan sa mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip ang nakaranas ng trauma, at nagbibigay sila ng pangangalagang sensitibo sa at sumusuporta sa mga na-trauma.

Plano ng Paggamot (Treatment Plan): Isang plano upang tugunan ang mga pangangailangan ng miyembro at subaybayan ang progreso upang maibalik ang pinakamainam na antas ng paggana (functional level) ng miyembro hangga’t maaari.

TTY/TDD: Mga device na tumutulong sa mga taong bingi, may kahirapan sa pagdinig, o may kapansanan sa pagsasalita upang makatawag at makatanggap ng tawag sa telepono. Ang TTY ay nangangahulugang “Teletypewriter”. Ang TDD ay nangangahulugang “Telecommunications Device for the Deaf”.

Mga serbisyong bokasyonal (Vocational services): Mga serbisyong tumutulong sa mga tao na makahanap at mapanatili ang mga trabaho.

Waitlist: Isang listahan ng mga taong naghihintay para sa isang bagay na hindi pa kasalukuyang available, ngunit maaaring maging available sa hinaharap.

Warm handoff: Isang maayos at na paglipat ng pangangalaga mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo patungo sa isa pa.

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG COUNTY

Karagdagang Impormasyon na Partikular sa County

- Nag-aalok ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng mga Medi-Cal Peer Support Service at Contingency Management Service sa piling mga lokasyon.
- Sumangguni sa seksyo ng “Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng County” na makikita sa unang bahagi ng handbook na ito upang humiling ng impormasyon sa iba pang wika o sa alternatibong format tulad ng Braille o malalaking print.
- Ang Los Angeles County Specialty Mental Health Services Delivery System ay nag-aalok ng Medi-Cal Peer Support Services.